

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# MGA KAHANGA-HANGANG KASAYSAYAN NG MGA KAPATID sa ISLAM

Tinipon at Inihanda ni
**Mohammad Taha Ali**

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# قصص مؤثرة للمسلمين الجدد

جمع وإعداد
محمد طه علي

This book is the property of the Osoul Center. Permission is granted for it to be stored, transmitted, and published in any print, electronic, or other format - as long as the Osoul Center is clearly mentioned on all editions, no changes are made without the express permission of the Osoul Center, and a high level of quality is maintained.

+966 504 442 532

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.com

www.osoulcenter.com

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain

# ANG MGA NILALAMAN


**Ang Panimulang Salita** 9

Walang Malinaw na Batayan na Ang Pangalan ng Tunay na Diyos ay Ama (**Yaser F. Bautista)** 11

Sa Romano Katoliko ay Walang Haligi ng Pananampalataya (**Omar C. Soriano)** 13

Pagdating ko ng Saudi Arabia ay Nakita ko Ang Kapayapaan at Katahimikan ng Bansang Ito (**Michael B. Sultan)** 17

Hindi ko Alam Kung Sino at Saan Ako Tatawag at Hihingi ng Tulong sa Itaas, Kay Hesus ba o Yung Panginoon na Ama ni Hesus? **Mohammad (Romeo) Ilocando Flores** 21

"Sinumang Sumamba sa Iba Maliban sa Allah ay sa Impiyerno Mananatili Magpakailanman" Ito Ang Aking Kinatatakutan at Binigyan ng Pansin. (**Haron Parcon De Guzman)** 25

Dito ko Lamang Natagpuan sa Islam Ang Tunay na Pagmamahal sa Kapwa at Pagpapatawad ng Bukal sa Kalooban. (**Abu Bakar Floraide Torio)** 29

Hindi Pala Bagong Relihiyon Itong Islam, Bagkus Ito Pala Ang Dalang Mensahe ng Lahat ng Mga Propeta. **(Jibril (Jeffrey) L. Baylon)** 33

Sadyang Ang Tadhana at Kapalaran Ang Nagdala sa Akin Para Yumakap sa Islam, Ito ay Isa sa Pinaniniwalaan sa Islam. **(Abdullah (Monico) S. Paglinawan)** 35

Kapatiran Ang Siyang Lubos Kong Nagustuhan sa Islam. Dahil Taos-Puso Ang Pagtutulungan sa Relihiyong Ito. **(Ismael (Greg) Dela Paz)** 37

Binalak ko Talagang Pasukin at Pag-Aralan Ang Islam Upang Ibulgar Ang Mga Kamalian Nito Para Maliwanagan ng Mga Muslim Ang Kanilang Maling Paniniwala. **(Moatasim (Rafael) Molon Viernesto)** 39

Aking Naalala Ang Payo ng Aking Mga Magulang Noong Sila'y Nabubuhay Pa. Anak!!! Magsisisi ka Rin sa Bandang Huli. **(Mohammad Ali O. Saripada)** 43

Kung Ang Mga Muslim ay Masasama. Bakit Lagi Silang Nagdarasal at Limang Beses pa sa Loob ng Isang Araw. **(Ahmad (Luis) Capina Espinar)** 45

Mas Naiintindihan ko Ang Relihiyong Islam, Dahil Sumasamba sa Nag-Iisang Diyos, Samantalang sa Kristiyanismo ay May Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo. (**Rashid (Reynaldo) A. Arellano)** 49

Ako ay May Malaking Agam-Agam Kung Bakit Dinadasalan at Niluluhuran Ang Mga Rebulto. **(Abdullah (Vicente) D. Barretto)** 51

Hanggang Minsan Nang Ipa-Renew Ang Aking Iqamah, Ako ay Labis na Nagtaka Dahil Naging Kulay Green na Ito ng Tulad sa Isang Muslim. (**Khalid Magalona Sarate)** 53

Nang Ako'y Maging Muslim, Aking Nasabi, Ito na Ang Pinakamagandang Regalo na Aking Natanggap Mula sa Panginoong Allah. (**Abdul Rahman Lundang Maglalang)** 57

Sinabi sa Akin ng Isang Pilipinong Muslim, "Kung Gusto Mong Magka-Pera, Magbalik-Loob ka sa Islam." **(Ishaq Belleza Loyola)** 61

Sinabi ng Aking Kaibigan na Nag-Abot sa Akin ng Isang Babasahin Tungkol sa Islam, Ang Nagbabasa Niyan ay Nagiging Muslim.. Ako'y Tumawa Lamang. (**Abdul Rahman Engracio D. Unas)** 65

**Ang Pasasalamat** 69

# Ang Panimulang Salita

Ang kadakilaan at kaluwalhatian ay para lamang sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa huling Propeta na si Muhammad (ﷺ). sa katotohanan, isang karangalan para sa akin ang makapagbigay ng paglalahad tungkol sa mga karanasan ng ilan sa mga kapatid nating yumakap sa relihiyong Islam.

Ang relihiyong Islam ay isang relihiyon ng Katotohanan, na sinumang tumalima at yumakap nito ay pagkakalooban ng Allah ng tiyak na tagumpay at kapayapaan dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Sadyang ang relihiyong Islam ay isang pinagpalang relihiyon, sapagka't sa kabila ng mga masalimuot na suliraning kinahaharap at kinasasangkutan nito sa makabagong takbo ng buhay, patuloy pa ring napakaraming tao ang tumatalima at tumatanggap nito.

Ang relihiyong Islam ay isang pangkalahatang mensahe na nababatay sa prinsipiyo ng pagkilala at pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos (Allah). Ang maliwanag at makatuwiran na kasagutan ng Islam sa suliranin ng tao ang nakaakit sa puso ng mga iba na hindi kailanman natagpuan o nabigyan ng katuparan at katugunan ng kanilang relihiyon para sa kanilang ispirituwal na kakulangan.

Ang Islam ay para sa lahat ng sangkatauhan. Magkagayon, anumang lahi ng tao at saan mang pamayanan at panahon, ang Islam ay umuugma at umaangkop sa takbo ng buhay ng bawa't tao. Ito ang nagbunsod sa iba't ibang tao upang yakapin ito at gawing panuntunan sa araw-araw na pamumuhay. Ito rin ang naging inspirasyon ng tao upang sila ay tumahak sa landas ng kabutihan. Katotohanan, sa lahat ng aspeto ng buhay ay mayroong magagandang batas at mga aral na dapat isagawa upang makamtan ang kapanatagan at kapayapaan ng buhay at maging ang paghahanda sa kabilang buhay.

Ang mga kasaysayang aking ilalahad ay tunay na nangyari sa kani-kanilang buhay. sa bawa't pagtahak nila sa landas ng buhay, naroroon sa isang sulok ng kanilang puso ang tunay na damdamin at tapat na pag-asam ng pagtalima at pagsuko ng sarili sa Tanging Tunay na Diyos-ang Allah.

Napakasarap isipin na sa kabila ng kanilang mga pagsubok, matatag pa rin nilang binalikat ang kanilang pananagutan bilang Muslim.

Halina't tunghayan natin ang kanilang mga kahanga-kahanga at nakakaantig na kasaysayan.





# Walang Malinaw na Batayan na Ang Pangalan ng Tunay na Diyos ay Ama

**Yaser F. Bautista**

Noong ako ay hindi pa yumayakap sa Islam, ang aking relihiyon ay Romano katoliko, iba't ibang paniniwala at pagsamba ang aking nakagisnan at naranasan. at dahil ako ay kulang sa kaalaman, naniwala ako na ang kaligtasan sa parusang Apoy, at pagpasok sa Paraiso ay makakamit lamang sa tuwirang mangungumpisal sa Pari at lumunok ng kapirasong tinapay na tinatawag na katawan ni Kristo. Ito ay tinatawag na Komunyon pagkatapos ng lingguhang sermon ng Pari. Bagama't ang mga bagay na ito ay aking naisasakatuparan, ako ay hindi nakadama ng katiwasayan at kapanatagan ng puso at damdamin. Kaya naman tuwing ako ay matapos sa ganitong uri ng pagsamba, pilit kong hinahanap ang mga bagay na makapagbibigay sa akin ng liwanag tungo sa daan ng kaligtasan at makarating sa Paraiso. Bago ako lumabas ng simbahan ay hindi ko nalilimutan ang pagdalangin kay Hesus, na anak ni Birhen Maria na ipaabot kay Ama ang aking dalangin. Diyos Ama kung tawagin sapagka't ito ang aking nakagisnan at ang taguring ito ay nabuo sa aking isipan sapagka't ang pambungad na panalangin ng sinumang katoliko ay ganito! ***"Ama namin sumasalangit Ka! Sambahin ang Ngalan Mo, mapasa amin ang kaharian Mo, sundin ang loob Mo dito sa lupa para na sa langit."***

Dito ay walang malinaw na batayan para sa akin, na ang pangalan ng tunay na Diyos ay Ama, sapagka't ang katawagang ito ay hindi pangalan kundi isang katagang paggalang, walang malinaw na batayan para sa akin ang pangalan ng tunay na Diyos, kahit may agam-agam sa aking isipan ay patuloy akong dumadalangin sa kanya na nawa'y ituro sa akin ang tunay na daan patungo sa Paraiso kahit isang hakbang man lamang. Subali't matapos na ako'y manalangin o dumalaw sa simbahan, wala pa rin akong lakas upang pigilin o labanan ang mga masasamang gawain, tulad ng sugal, babae, at pag-

inom ng alak. Wala man lang akong bahagyang takot na gawin ito. Isang araw ay nagpasiya akong mag-ibang bansa at naisipan kong magpunta sa gitnang silangan dala na rin ng kakapusan sa sarili kong pangangailangan kasama na ang pangarap na makaipon at mamuhay ng maligaya at matiwasay. Subalit bigo ako nang bumalik sa sariling bayan dahil na rin sa aking kapabayaan. Muli akong bumalik sa gitnang silangan at nangako sa asawa na pag-iibayuhin ang trabaho at iiwas na sa mga bisyo, pangakong walang katiyakan sa palibot ng tukso, mahinang pananggalang ang aking dalang pananampalataya. Ganoon pa man ang aking paniniwala sa Diyos ay matibay, kaya minsan ay masumpungan ko ang muling magdasal na sana bago bawian ng buhay ng Makapangyarihang Diyos ay itulot nawa Niya na makita ko ang liwanag at sa gayon aking magampanan ang tunay na layunin Niya para sa akin bilang isang tao. at sa paglipas ng panahon, nakikila ko ang isang kapwa Pilipino na bagong yakap sa pananampalatayang Islam at pati na ang kanyang kasamang Saudi, bagama't noong una ay hindi ako interesado sa paliwanag tungkol dito ay unti-unti na rin akong nagkaroon ng pagkakataong maliwanagan ang mga magagandang aral ng Islam at nalaman ko rin sa tiyagang pag-aaral ang tunay at tamang pagkilala sa Nag-iisang Tunay na Diyos at maging ang mga Banal na Katangian ng Diyos. sa unti-unting kong pagbabasa ng mga aklat tungkol sa pananampalatayang Islam, nakadama ako ng mga bagay na nakapagpatibay sa mga katanungang laging namumuo sa aking isip at sa patuloy kong pagbabasa ay napag-alaman kong ang tunay na kahulugan ng buhay at higit kong natagpuan ang katiwasayan ng buhay dahil sa mga makatuwiran at maliwang na aral ng Islam. Tunay na ang kapayapaan ng buhay ay nasa tamang pagkilala at pagsamba sa Nag-iisang Diyos na lumikha ng lahat ng nilalang. Lahat ng katanungan ko noong ako ay Katoliko ay nabigyan ng sapat na katugunan at maging ang pagtahak sa landas upang makamtan ko ang tunay na kaligtasan ay ganap kong naunawaan. Ipinahayag ko ang pagyakap sa Islam sa harap ng maraming Pilipino at mga katutubong Saudi. Sumaksi ako na walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at sumaksi rin ako na si Muhammad (ﷺ) ay Kanyang Sugo. **"Alhamdulillah"**, magpahanggang ngayon ay pinipilit ko pa rin na maragdagan ang kaalaman ko sa relihiyong Islam. Idinadalangin ko sa Allah na nawa'y bigyan Niya ako ng tibay ng loob at lakas upang maisakatuparan ko ang lahat ng kautusan at pananagutan ko bilang isang Muslim.





# Sa Romano Katoliko ay Walang Haligi ng Pananampalataya

**Omar C. Soriano**

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng nilikha. Sinuman ang patnubayan ng Allah ay walang makapagsasadlak sa kanya sa pagkaligaw, at sinuman ang isasadlak ng Allah sa pagkaligaw ay walang sinumang makapagpapatnubay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, ang tanging Nag-iisa. at ako rin ay sumasaksi na si Muhammad ay kanyang lingkod at Sugo. Nawa'y ang Kanyang pagpapala ay mapasa Kanyang huling Sugo at Propeta, na si Muhammad (ﷺ), sa lahat ng kanyang mga tagasunod at sa lahat ng tumatahak sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Katoliko Romano ang nakagisnan kong relihiyon sa pamilya ko at maging sa kapaligiran namin sa bansang Pilipinas, kaya ang nakatanim sa aking pag-iisip at puso ay relihiyong Kristiyanismo. sa aking pagiging panatiko, nagagalit ako kapag nilalait ng ibang sekta ng Kristiyanismo ang Romano Katoliko.

Nang mag-apply ako sa Saudi Arabia, laging pagsimba ang ginawa ko sa araw-araw sa simbahan ng Romano Katoliko sa pag-akala ko na dinidinig ng Diyos at pinagpapala ang laging pagsisimba sa simbahan ng Romano Katoliko. Kaya, nang isa ako sa pinalad na makapasa sa mga pagsusulit at pinalad makapunta dito sa Saudi Arabia lalong tumatag ang aking pananampalataya sa Kristiyanismo sa dahilang sa akala ko ang mga rebulto nina Birhen Maria, Jesus Christ, Saint Paul at iba pang santo at santa, ang nagpala at nakatulong sa akin sa tuwing hihingi ako ng tulong sa bawa't isa sa kanila.

Sa tuwing nagbabasa ako ng Bibliya ay lagi kong nababasa ang Verse: ***"Ako at ang Ama ay iisa…."*** Kaya, natanim sa pag-iisip ko na si Propeta Hesus at ang Ama (Allah) ay iisa. Tuwing dumating ang buwan ng Ramadan ay lagi ako nagtatanong sa mga kasamahan kong Muslim kung bakit nag-aayuno ang mga Muslim, bawal kumain at uminom ang mga di-muslim sa mga publikong lugar. Hanggang binigyan ako ng mga babasahin Islamiko at mga Islamic tape. Binabasa kong lagi ang mga Islamic books at inihahambing ko ito sa Bibliya.

Isa sa nakaakit sa akin sa Islam ang limang haligi ng Islam, ito ang mga sumusunod: 1- Ang pagsaksi sa Nag-iisang Diyos-Allah at si Propeta Muhammad (ﷺ) ang Kanyang huling Sugo (Shahadah). 2- Ang limang pagdarasal (Salah). 3- Ang pagbibigay ng kawang-gawa (Zakat). 4- Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan (Siyam). 5- Ang paglalakbay sa sagradong lugar-Makkah (Hajj).

Samantalang sa Romano Katoliko ay walang haligi ng pananampalataya, kinaugalian ko lang ang misa tuwing linggo, nobena kay Virgin Mary tuwing Miyerkules at Huwebes, Mahal na araw (pagpako kay Propeta Hesus sa krus) tuwing Biyernes Santo, at tuwing pasko Dec. 25. Ang mga nabanggit kong kaugalian ng pagsamba ay walang matibay na batayan at maging sa aral ng Bibliya ang mga gawaing ito ay hindi nababasa. at dahil dito, nagkaroon ako ng alinlangan sa mga ganitong kaugaliang aking ginagawa. Bakit ako naging Romano, hindi naman ako taga Roma? Si Hesukristo ba ay Romano? Bakit ang sentro ng Kristiyanismo ay nasa Rome at hindi sa bayan ni Hesus sa Palestine?

Sa pagbabasa ko ng mga Islamic books at pakikinig ng mga tape tungkol sa Islam nabuo ang aking pasiya na magbalik Islam sa tulong ng isang dayuhang Muslim na nagsama sa akin sa Cooperative Office for Call & Guidance sa Batha. Napag-aralan ko sa Islam na ang tapat na pagsamba ay nauukol lamang sa nag-iisang Diyos na lumikha sa lahat ng bagay. at malaking kasalanan ang pagdalangin sa mga bagay na nilikha lamang katulad halimbawa ang mga rebulto. Ang mga rebulto ay gawang kamay lamang ng isang tao na walang kabuluhang sinasamba sa Romano Katoliko. at maging sa Bibliya, ang pagsamba sa mga rebulto, imahen at maging sa mga santo at santa ay hayagang pinagbabawal.





Maging ang pag-aayuno ay napag-alaman ko na ito ay gawain ng lahat ng Propeta ng Diyos-Allah. Nasa tamang pananampalataya at pagkilala sa tunay na Diyos nakasalalay ang kaligtasan ng tao kalakip ng kanyang mabubuting gawa.

Sa ngayon ako ay nag-aaral sa Islamic Propagation Office sa Rabwah, upang lalong madagdagan ang kaunti kong kaalaman tungkol sa Islam. at nawa ay pagkalooban ako ng Allah ng higit pang kaalaman at pang-unawa upang magiging gabay ko pagdating ng panahon na aking maibahagi ang katuruan ng Islam sa aking mga mahal sa buhay, at sa lahat ng karapat-dapat na bahagian nito.

# Pagdating ko ng Saudi Arabia ay Nakita ko Ang Kapayapaan at Katahimikan ng Bansang Ito

**Michael B. Sultan**

Ako si Michael Burmer Sultan isinilang sa Cabadbaran Agusan Del Norte, Butuan City. Bata pa lamang ako ay Islam na ang Relihiyon na kinagisnan ko, sapagka't ang aking ama ay isang Muslim. Lumuwas kami ng Maynila para doon na manirahan at maghanap buhay at doon na rin ako nagpatuloy ng aking pag-aaral. Lumaki akong Islam pa rin ang pinaniniwalaan ko, nguni't hindi ko ginagampanan ang aking pagiging Muslim dahil hindi ako nagsasagawa ng Salah ng limang beses sa isang araw at kumakain ako ng baboy na ipinagbabawal sa Islam ng hindi nalalaman ng aking ama. Nguni't sinasabi ko naman sa aking ina dahil ang aking ina ay katoliko at hinahayaan lang ako hanggang ako ay tumuntong na ng kolehiyo. sa Unibersidad na aking pinapasukan ay napakaraming sekta ng relihiyon, nguni't di ko pinapansin dahil wala akong interes sa relihiyon, bagama't Muslim ako subali't wala akong alam tungkol sa aking relihiyon, hanggang sa magkatrabaho ako sa isang Foodchain at maging isang service crew. Dito ay marami akong naging kaibigan at sumasama na ako sa mga lakad nila. Natuto akong uminom ng alak at laging madaling araw na ako kung umuwi at di naman ako pinapagalitan ng aking magulang at hinahayaan lang nila ako. Sapagka't ang aking ama ay kulang din sa kaalaman tungkol sa Islam kaya wala siyang maibahagi sa akin tungkol sa Islam. Ang aking ama ay born Muslim, kaya kung ano ang kinagisnan niya ganoon na lang siya. Hanggang sa ang matalik kong kaibigan ay nagconvert sa Born Again Christian at nakita ko ang kanyang malaking pagbabago mula sa salita at sa gawa at sinimulan niya akong pagsabihan sa aking mga maling ginagawa. Sinabi niya sa akin na malapit na ang Araw ng paghuhukom,

na mahal daw ako ng diyos, nagkatawang tao raw ang diyos at nagpakamatay daw siya [si Hesus] para sa akin, para daw sa aking mga kasalanan. Sinimulan niya akong basahan ng Bibliya tungkol kay Hesus, at ito ang simula ng pagdedebate namin tungkol sa relihiyon, araw-araw kaming nagtatalo sa relihiyon, at seyempre ayaw kong magpatalo dahil para sa akin ito ang tamang relihiyon ang Islam, subali't dahil sa aking kakulangan sa kaalaman tungkol sa aking relihiyon ay wala akong maisagot sa kanyang mga tanong tungkol sa Islam. Hanggang sa unti-unti na niya akong mapaniwala sa kasulatan ng Bibliya. Ito raw ay salita ng diyos. To make the story short, ay napaniwala ako at nagconvert mula sa Islam at naging Born Again Christian ako. Simula nang maging Christian ako ay unti-unti na akong nagbago mula sa mga pagmumura at pagsisinungaling, nakita ko ang malaking ipinagbago ko, at inaakala kong natagpuan ko na ang tamang landas. Pinag-aralan ko ang mga doktrina ng kristiyanismo at lahat ng mga bible study ay dinadaluhan ko at ang mga malalaking pagtitipon ay lagi akong naroroon at nakikinig ng mga preaching ng mga magagaling na pastor, hanggang sa ako'y naging isa sa mga worker ng church namin at naging isa sa mga assistant leaders. Hanggang sa natagpuan ko na lamang ang aking sarili na nagbabahagi na rin ng nilalaman ng bibliya tungkol sa kaligtasan, na ang isang tao para maligtas ay dapat na tanggapin ang kamatayan ni Hesus sa krus para sa kasalanan ng lahat at kailangan na maipanganak na muli sa pamamagitan ng baptismo sa tubig at ng ispiritu. Binalak ko rin na gawing Christian ang buo kong pamilya at sinimulan ko sa aking ina at napaniwala ko ang aking ina, nguni't ng malaman ng aking ama ang ginawa kong pagtalikod sa Islam ay nagalit siya sa akin at sinabing ang Islam ang tamang Relihiyon, nagdebate kami ng aking ama tungkol dito at ipinipilit kong ang Bibliya ang salita ng diyos at hindi ang Qur'an, at di ako naniwala nang sabihin ng aking ama na hindi namatay at di napako si Hesus. Ipinagmamalaki ko pa ang mga naging pagbabago ko, sinabi ng aking ama na maraming mga Pari ang nag-convert sa Islam. Hinamon ko ang aking ama na magdala ng isang Pari na naging Muslim at magdebate kami. Hindi ako napigilan ng aking ama sa pagsisimba ko tuwing linggo, at lahat ng aking mga kamag-anak na Muslim ay galit na galit sa akin na para bang papatayin na nila ako at itinatakwil na nga nila ako bilang kamag-anak. Nguni't ganoon pa



man nagpatuloy pa rin ako sa aking paniniwala, kung sinu-sino ang bumibisita upang ako'y hikayating bumalik sa Islam, nguni't tila sarado pa rin ang aking isipan at binabasahan ko sila ng bibliya, hanggang sa isang araw ay may dumating sa aming bahay na kasama ng isa sa mga kamag-anak ko, isang balik-Islam ang pangalan niya ay Armando L. Barcelon na dating Pari, Ahmad Barcelon na siya ngayon, siya ang nakadebate ko at nagpamulat sa akin sa mga mali ng Bibliya at simula nang makadebate ko siya hindi ko na alam kung ano ang paniniwalaan ko, nagkaroon ng kalituhan at kaguluhan sa puso at isipan ko. at hindi ko na alam kung ano talaga ang tama. Simula noon di na ako nagsimba sa Kristiyanismo, subali't di rin ako nagdarasal sa Masjid (Mosque) dahil sa nakikita ko na mga kamag-anak ko na di rin nagdarasal at nagsusugal at umiinom ng alak at maging ang aking ama na nagsasagawa ng Salah ay nakikita kong walang nagbago sa kanya sa pag-uugali, nagmumura, madaling magalit, nagsusugal, naninigarilyo, at umiinom ng alak paminsan-minsan. Sabi ko sa sarili ko: Iyan ba ang Muslim, paano ako magiging Muslim kung ganyan ang nakikita ko sa mismong magulang at kamag-anak ko, paano ako maniniwala na ang Islam nga ang tamang relihiyon kung ganyan ang nakikita ko, kaya ang paniniwala ko ay nasa gitna na lang, hindi Muslim at di rin naman Kristiyano, basta't nasa gitna ako at walang relihiyon. Hanggang sa nag-aaplay ako papuntang abroad at sa Saudi pa ang pupuntahan ko at pinalad na natanggap ako sa ina-aplayan ko, at nang malapit na akong umalis papuntang Saudi ay sinabi ko sa misis ko na "Pagpunta ko ng Saudi ay doon ko malalaman kung ano talaga ang relihiyon ko". Pagdating ko ng Saudi ay nakita ko ang kapayapaan at katahimikan ng bansang ito at nakita ko ang pagpapahalaga nila sa relihiyong Islam na pagsapit ng takdang oras ng pagdarasal ay tumitigil ang bawa't isa sa kanilang trabaho at nagsasarado ang bawa't kumpanya para magdasal sa Nag-iisang Diyos- ang Allah. Nakita ko ang pagpapala ng Diyos sa bansang ito na naniniwala sa Kaisahan ng Diyos. Simula noon ay nagkaroon ako ng interes na pag-aralan ang Islam, nanguha ako ng mga babasahin tungkol sa Islam, hanggang sa isang araw ay pumunta kami sa isa sa mga customers namin na printing press at may nakilala akong isang Sudan na binigyan niya ako ng mga babasahin tungkol sa Islam, pagdating ko ng bahay ay binasa ko ito, "Talakayan sa

pagitan ng Muslim at Kristiyano" ang pamagat ng babasahing ito, nang mabasa ko ito ay nakita ko pang lalo ang mga kamalian ng Bibliya, na ito ay hindi tunay na salita ng Diyos at gawa lamang ng tao. Nang matapos kong basahin ito ay parang nabuksan ang puso ko't isipan at nasabi ko ang "Laa ilaaha illallah" nang oras ding iyon ay nag-shahadah (sumaksi) ako sa aking sarili na ***"Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Sugo at alipin ng Allah"*** binigkas ko ito na walang ibang saksi kundi ang aking sarili at ang Allah. Hanggang sa may nakilala akong kapwa ko pilipino na balik-Islam na si Jamil, itinuro niya sa akin ang Batha at nagpunta ako sa Batha at doon ay nag-shahadah ako na saksi ang lahat ng mga brothers, at doon itinuro nila sa akin ang tamang pagsasagawa ng Salah at binigyan ako ng mga babasahin, pinag-aralan ko kung paano magsagawa ng Salah at sa aking pagdarasal ay unti-unti kong nararamdaman ang kapanatagan, kapayapaan at kagalakan sa aking puso na matagal ko nang hinahanap. Minsan sa pagdarasal ko ay hindi ko mapigilan ang pagtulo ng luha ko sa pagpapasalamat sa Allah na ginabayan Niya ako sa matuwid na landas "Alhamdulillah". Tunay na ako ay ginabayan ng Allah upang muli kong balikan ang tamang landas ng buhay tungo sa kaligtasan sa Kabilang Buhay. sa ngayon ay patuloy pa rin akong nag-aaral at naghahanap ng kaalaman sa Islam, dahil ang kaalaman ay isang tungkulin ng bawa't Muslim. at habang nag-aaral ako sa Islam ay lalo kong nakikita ang kagandahan ng Islam, "Alhamdulillah", sa ngayon ay nag-aaral ako sa Call & Guidance Center sa Rabwah at sa Badiah.

Nawa'y ang aking naging karanasan sa buhay ay maging aral sa mga Muslim na hindi pinagtutuunan ng panahon ang kanilang tungkulin sa Islam. Tunay na sa Islam lamang matatagpuan ang tunay na kapayapaan ng kalooban, kaisipan at kapaligiran.

Dalangin ko sa Makapangyarihang Allah na nawa'y maging matibay na ako sa pagharap sa katotohanan at nawa'y maging huwaran ako sa pag-uugali upang ang aking mga mahal sa buhay ay mabigyan ko rin ng gabay sa darating pang mga panahon. Ameen..





# Hindi ko Alam Kung Sino at Saan Ako Tatawag at Hihingi ng Tulong sa Itaas, Kay Hesus ba o Yung Panginoon na Ama ni Hesus?

**Mohammad (Romeo) Ilocando Flores**

Ako po si Romeo Flores na dating Kristiyano, nguni't sa ngayon ako'y yumakap sa Islam at pinili ko ang pangalang Mohammad.

Noong ako'y bata pa sa gulang na 10 taon, ako ay natuto ng uminom ng alak at manigarilyo, walang araw na hindi ako lasing, at natuto rin ako ng kung anu-anong bisyo hanggang sa natuto rin akong gumamit ng marijuana. Ang buhay ko noon ay parang walang patutunguhan, naging suwail ako sa aking mga magulang at sa aking mga nakatatandang kapatid.

Kaya nagpasya akong magtungo ng Maynila upang hanapin ko ang kapalaran, subali't totoo pala ang sabi nila na ang Maynila ay mas gubat pa kaysa sa pinagmulan mong probinsiya. Nagkalat ang mga masasama at tukso. Hindi mo alam kung sino ang tunay mong mga kaibigan. sa lugar ng aking kapatid na tinutuluyan ay maraming istambay at paglabas palang ng pintuan ay makikita mo na sila, at isang araw kinursunada ako at sinabi nila; hindi ako ituturing na kalugar nila kung hindi ako makikisama sa kanila. Kaya sa takot ko ay napabarkada ako sa kanila at natuto akong gumamit ng ipinagbabawal na gamot. Pakiramdam ko lalong gumulo ang buhay ko, pakiwari ko ay wala na talagang magandang bukas na naghihintay sa akin. Dahil sa parang patapon na ang buhay ko, at bukod sa ako ay ulila na sa ina at ang tatay ko ay nag-asawa ng iba, lalong nagulo ang isip ko. Ang pagsisimba ay nakalimutan ko at mas nabibigyan ko ng oras ang aking mga barkada, nguni't may mga kapatid pa rin ako na nagmamahal sa akin, inalok ako ng ate ko na papag-aralin nila ako sa High School, laking tuwa ko at makakapag-aral ako. Subali't hindi ko natapos kahit High School man lamang, dahil

sa ang barkada ay talagang naging lason, laging nakabuntot sa akin at hindi ko maiwasan pati na yong pag-inom ng drugs, dahilan nga sa kahit tumatanggi na ako ay hindi ko parin magawa dahil pag kumalas daw ako sa tropa ay umalis na rin ako sa lugar na iyon. Naaawa na ako sa bayaw at kapatid ko, nagpasiyang tumigil na ako sa pag-aaral, at umalis ako sa lugar na iyon. Nagpunta ako ng Baclaran at doon ay nagtinda-tinda ako na kung anu-ano para mabuhay lang ako at mabago ang takbo ng buhay ko. Mahirap ang maging Side walk vendor takbo dito ..takbo doon sa dahilang hinuhuli kami ng pulis. Sayang din naman yung 200 pesos na multa at may bawas pa ang paninda sa mga pulis, subali't nagsikap ako at nagtiis upang mabuhay ako, at kumita ng malinis na pamamaraan. Masarap kumain at gumastos ng pinagpaguran mo lalo na't halos dugo ang ipawis mo, kumita ka lamang.

At diyan po sa lugar ng Baclaran nakilala ko ang naging asawa kong taga Batangas. Naikasal ako taon 1986, subali't napatigil ang pagtitinda ko at naubos ang puhunan sa dahilang panay cesarian ang mga anak ko.

Tuwing magsisimba kami at niyayaya ako ng asawa ko ay hindi ko pa rin maliwanagan kong alin ba talaga ang kinikilala nating Panginoon at Diyos. Bakit may Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo? Saan at kanino tayo tatawag at hihingi ng tulong para sa ating mga problema? Bakit pinahihirapan tayo ng ganito hanggang naubos ang paninda ko, pati puhunan at lahat ng anak natin ay panay cesarian? Gulong-gulo pa rin ang isip ko at hirap na hirap ang kalooban. Nagtiis akong magsaka sa bukid ng aking biyenan, nag-araro sa dahilang nais kong mabuhay ang aking pamilya, subali't hindi sapat ito lalo na't madalas magkasakit ang aking mga anak. Marubdob ang hangarin kong magdasal nguni't naguguluhan ako kung sino at saan ako tatawag at hihingi ng tulong sa itaas, kay Hesus ba o sa Panginoon na Ama ni Hesus bakit ganito?

Taon 1994 sa tulong ng kumpare ng biyenan ko ay nakaalis ako patungo rito sa Saudi. Salamat naman at maganda ang aking napuntahan at hindi ako napabilang sa iba nating mga kababayan na nawawalan ng trabaho.

Noong unang dating ko palang ay nais ko nang yumakap sa Islam para kilalanin o tuklasin ko kung sino talaga ang dapat sambahin at daingan ng mga problema at hingan ng tulong sa oras ng kagipitan. Subali't





malayo rito sa bayan ng Riyadh ang aking trabaho. Walang sasakyan at wala akong kasama at nag-iisa lang akong Pinoy na Muslim kung sakali yayakap ako sa Islam. Nalungkot ako nguni't noong araw ng Martes, February 12, 2002, nagkaroon ako ng pagkakataon na yumakap sa Islam, dahilan sa may mga kasabay na ako rito sa Thumamah. Nang yumakap ako sa Islam unti-unti nang nagliwanag ang aking isipan at natagpuan ko na kung sino ang dapat sambahin at hingan ng kapatawaran, tulong at mapaghingan ng mga problema. sa araw-araw kong pagbabasa ng Qur'an at mga Sunnah ng Propeta Muhammad (ﷺ) ay nasabi ko sa sarili ko na ang Allah ang tunay na Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya ay wala ng iba pa.

At nagpapasalamat ako sa pagyakap ko sa Islam, at nalaman ko kung sino ang tunay na Diyos na dapat sambahin. at ngayon unti-unti kong babaguhin ang takbo ng buhay ko "Insha Allah". Kung ano man ang mga naging kahapon ko, iyon ay tanging **[mga alaala ng kahapon]** na lamang. "Alhamdulillah", tunay na ang mga agam-agam ko ay napawing lahat. Ang kapayapaan ay nararamdaman ko sa aking buhay.

# “Sinumang Sumamba sa Iba Maliban sa Allah ay sa Impiyerno Mananatili Magpakailanman” Ito Ang Aking Kinatatakutan at Binigyan ng Pansin

Haron Parcon De Guzman

Una sa lahat ay binabati ko kayo ng pandaigdigang pagbati ng mga Muslim **“Assalamu alaikum warah matullaahi wa barakaatuho.”** Mga brothers, hayaan muna ninyong ipakilala ko ang aking sarili at kung bakit ako’y yumakap sa Islam.

Isa akong tubong Batangas City batang **Ala eh** ang bansag sa akin, at dati akong Kristiyano. sa katunayan noong nasa Pilipinas pa ako wala akong naririnig na Islam at tungkol sa aklat na Qur’an, ang tanging naririnig ko lang ay Muslim. sa aming lugar, simula noong ako’y bata pa, ang Muslim ay kinatatakutan, dahil sa pagkakaalam namin ang Muslim ay matatapang at pumapatay kahit ito ay napakaliit lamang na kadahilanan. Kaya natanim sa aking isipan na ang mga Muslim ay masasamang tao at kinatatakutan. Lalo na ang tinatawag na mga **Abu Sayaf** na lingid sa aking kaalaman ang kadahilanan ng kanilang pagpatay, kaya takot na takot ako sa kanila. Taong 1996, noong ako ay mapadpad dito sa Saudi Arabia sa hirap ng buhay sa atin kaya naisipan kong makipagsapalaran dito sa bansang muslim, bagama’t may takot ako sa aking dibdib ay nagbakasakali pa rin ako na baka ito ang maging katugunan ng aking magandang pangarap para sa aking pamilya.

Noong una kong araw dito sa Saudi ay parang alinlangan akong makisalamuha sa mga Muslim dahil nga sa dala-dala kong takot sa kanila, hanggang sa mga sumusunod na mga araw wala naman akong nakita o nabalitaan na kaguluhan, tahimik naman, kaya naging mapayapa ang aking kalooban, at mabilis na lumipas ang mga araw at mga taon,

nagkaroon ako ng mga kaibigang Muslim, may Indiano, Banglades, at mga Pilipino, mababait sila sa akin, kaya kinalimutan ko at tuluyan ng binura ko sa aking isipan ang masamang pagkakilala ko sa mga Muslim. Minsan nga ay nagpapaliwanag sila tungkol sa Islam, nguni't hindi ko ito binigyan ng pansin, ang sabi ko sa kanila, hayaan ninyo brother kapag lubos kung naunawaan at napatunayan ko sa aking sarili na tama ang inyong mga sinasabi ay hindi na kailangan na ako'y inyong hikayatin pa sa Islam at ako na mismo ang maghahanap sa inyo para ako'y mag-muslim. Nasa pagitan ako ng pagpapasiya kung alin nga ba ang tama ito bang relihiyon ko na **Kristiyanismo** o ang **Islam**.? at nasabi ko rin sa kanila na ang kaligtasan ng isang tao ay hindi sa pagbabago ng relihiyon. Ang sabi ko, kung ang isang tao ay nagpapakabuti at may takot sa Diyos, walang dahilan na hindi siya mapupunta sa Paraiso. Hanggang lumipas ang isang taon at nabuksan ang aking isipan ng dahil sa patuloy kong pagbabasa ng mga babasahin tungkol sa Islam. Napag-alaman ko na ang tunay na kahulugan ng relihiyon ay ang tamang pamumuhay ayon sa Batas ng Diyos. Natutuhan ko ring maunawaan na ang kabutihan at ang tunay na takot sa Diyos ay nasa pagsunod sa Kanyang Batas. Ang relihiyong Islam ay isang natatangi at kakaiba sa ibang relihiyon. Mayroon itong mga batas sa lahat ng aspeto ng buhay na ang pinakahaligi ng kabutihan ay nasa tamang pagkilala at pagsamba sa tanging Diyos na Tagapaglika- ang Allah.

Ang sabi ko sa sarili ko hindi pa huli ang lahat, kaya nagpasama ako sa isa kong kaibigan upang mag-shahadah, Ramadan 2001. Pumunta kami sa Sulay Islamic Cooperative and Guidance pagdating ko doon may tatlong Pilipino na nagpaliwanag sa akin tungkol sa Islam, ang sabi ko: Gusto kong yumakap sa Islam dahil ito pala ang katotohanan at landas papunta sa Paraiso, at mali pala ang aking paniniwala noon. Tinanggap ko, na ang Diyos na dapat sambahin ay ang tanging Nag-iisang tunay na Diyos [Allah kung tawagin sa arabik], at tinanggap ko rin na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay tunay na Sugo ng Allah. Walang nag-udyok sa akin na yumakap sa Islam. Ang tanging dahilan ay naliwanagan ko ang tunay na mensahe ng Allah na nakasaad sa Qur'an. Napakaluwag ng aking dibdib at maaliwalas ang aking isipan simula ng maunawaan ko ng lubusan ang mga katuruan ng Islam at ngayon ko lang napatunayan na




ang tunay na Muslim ay katangi-tangi sa lahat ng tao sa buong daigdig dahil ang sabi ng Allah ***{Katotohanan, sinuman ang magbigay ng katambal sa Allah, tunay na ipagkait sa kanya ng Allah ang Paraiso, at ang kanyang magiging tahanan ay ang Apoy…}.*** at sinabi pa Niya: ***{Katotohanan, ang kasalanang pagbigay ng katambal sa Allah ay di Niya pinagkakalooban ng kapatawaran}.*** Bagkus, ito ay labis na ipinagbabawal ng Allah na Siya ay tambalan ng kahit sino, nag-iisa lamang ang Allah, hindi Siya nagka-anak at hindi rin Siya ipinanganak.

Ito ang aking kinatatakutan at binigyan ng pansin, dahil ako'y may takot sa Diyos na lumikha ng langit at lupa. Kapag tayo'y may takot sa Diyos, hindi na tayo dapat mag-ibang isip pa sa pagyakap sa Islam dahil ito ang katotohanan. Kaya katakutan natin ang kabilang buhay at ang araw ng paghuhukom. Nasa ating sarili nakasalalay ang ating kaligtasan. Napakasarap maging isang Muslim dahil magsakripisyo man tayo dito sa lupa ay may kapalit na magandang gantimpala ang Allah, ito ay ang Paraiso sa kabilang buhay. Ang lahat ay mamamatay kaya kailangang tiyakin ang ating patutunguhan. at sinabi pa ng Allah: ***{Itataas ng Allah yaong sumampalataya sa inyo at yaong pinagkalooban ng kaalaman sa matataas na mga antas}.***

Kaya sino man ang pinagkalooban ng kaalaman ay may puwang na siya doon sa Paraiso. sa ngayon ay nag-aaral ako sa Islamic Propagation Office sa Rabwah K.S.A. - level one - hindi ko man marating ang pinakamataas na antas ay nagpapasalamat na rin ako sa Allah at pinagkalooban Niya ako ng kaalaman. Kaya patuloy nating isagawa ang pag-aaral dahil ang pag-aaral sa Islam ay isang tungkulin ng bawa't Muslim, simula sa ating kabataan hanggang sa kamatayan.

# Dito ko Lamang Natagpuan sa Islam Ang Tunay na Pagmamahal sa Kapwa at Pagpapatawad ng Bukal sa Kalooban.

**Abu Bakar Floraide Torio**

Ako nga pala si Abu Bakar isang balik Islam laking Cavite bagong yakap nitong nakaraang buwan ng Ramadan 2001. Tulad ng nakararami ang aking pinanggalingang pamilya ay nagmula sa mahirap, subali't dahil sa pagsusumikap ng aking mga magulang ay nakaahon kami at naging isa sa tinitingalang pamilya dito sa aming lugar sa Cavite. Kami ay pinalaki ng may prinsipyo at may dangal na paninindigan sa buhay.

Aktibo rin ako sa aming Simbahan laking simbahan kung baga at humawak din ng matataas na katungkulan sa simbahan at dumating din sa akin ang minsang ako'y naghanap ng katotohanan tungkol sa Relihiyon at sa aking paghahanap ay naging Born again din ako at ang aking greatest achievement sa pagiging Born again ay ang mai-convert ko ang simbahan ng Las Pinas sa Simbahan ng mga Born again. Noong ako'y natauhan na ginagawa lang palang negosyo ng mga Pastor ang kanilang pagbibigay aral tungkol sa Bible ay nagbalik Katoliko ako dala pa rin ang katanungang na sa aking sarili, simple lang naman ang katanungan ko pero walang makasagot dahil sa aking pagbabasa ng Bible ay hindi ko nakita ang bahagi ng paglaki ng Sugo ng Allah na si Propeta Hesus, sapagka't huli siyang nakita sa templo noong siya ay 12 taong gulang, nangangaral sa templo at sumunod siyang nakita ay malaki na siya nang bumalik sa Galilea o araw ng palm Sunday. Hanggang sa dumating ang kagipitan sa aking pamilya na kung saan ay kinakailangan kong lumayo nang pansamantala sa aking pamilya. Katatapos pa lamang ng September 11, World trade Center Incident sa America magkakabila ang mga balita at laman ng lahat ng pahayagan na ang mga Muslim daw ang

may kagagawan nito at kasabay pa nito ang pang hohostage ng mga Abu Sayaf. sa madaling salita, ay napakasama talaga ng impresyon ng tao sa mga Muslim, kaya dumating ako sa Saudi Arabia buwan ng September noong nakaraang taon na mayroong dalang takot at pag-aalinlangan lalo pa't nang malaman ko na nag-iisa lang akong Pilipino sa opisina. sa unang araw ko pa lamang ay narinig ko ang tawag ng **"Adhan",** naku! tumatayo ang balahibo ko, sa loob-loob ko may nangangaswang yata dito kung bakit sa tuwing maririnig ko ang tawag ng Adhan ay hindi ako mapalagay. Nakalipas ang buwan hindi ko namalayan sa aking sarili ang isang pagbabago nabaliktad ang lahat, na ngayon ang tawag ng Adhan ay akin nang hinahanap-hanap na para bagang napakatamis sa aking pandinig at napakagandang awit sa lahat ng aking narinig sa buong buhay ko.

Nagkataon naman na dumaan ako sa harap ng Batha tent at may nag-abot sa akin ng babasahin, si Bro. Nabil at si Bro. Ibrahim, inuwi ko itong mga babasahin at aking masusing kinilatis kung may katuturan nga ba talaga at ang aking katanungan ay nadagdagan ng pag-aalinlangan at lalo akong nagkaroon ng hamon sa aking sarili para basahin ko ang Qur'an, makaraan ang isang linggo bumalik ako sa Batha at ako'y binigyan ng Da'wah ni Bro. Raid at "Alhamdulillah" ako ay nagpahayag ng **Shahadah** [o pagsasaksi sa Kaisahan ng Allah] sa araw ding iyon. at sa aking patuloy na pag-aaral ay kaiba ang aking natuklasan kung nalaman ko lamang na ganito pala ang mga kapahayagan sa Qur'an noong ako'y nag-aaral pa sa kolehiyo, di sana matagal na akong yumakap sa Islam, subali't kahit kailan ay hindi ako nakarinig ng Da'wah [o paliwanag tungkol sa Islam] sa aking mga kababayang Muslim sa Pilipinas. Simula sa College ang school ko ay pinaghaharian ng mga Muslim at matagal din akong nanirahan sa Taguig, lugar ng mga Muslim, subali't hindi ko kailanman narinig ang salitang Da'wah na isa sa mga tungkulin ng isang Muslim na ipalaganap ang mensahe ng Allah- ang Dakilang Tagapaglikha. Noong una ay hirap ang aking asawa na tanggapin ang aking pagiging isang Muslim dahil takot siyang ako'y mag-asawa muli at masira ang aming magandang itinayong pamilya, subali't nang ako'y sumumpa sa Ngalan ng Allah na hindi ako mag-aasawang muli ay natuwa siya sa akin at doon nagsimulang matanggap niya ang aking pagiging isang Muslim.




Dito ko lamang natagpuan sa Islam ang tunay na kahulugan ng pagmamahal sa kapwa at pagpapatawad ng bukal sa kalooban, dahil isa sa aral ng Islam ay ang pagkakaroon ng maganda at mabuting ugnayan sa mga magulang, kapatid, kamag-anakan at sa pamilya. Ang sabi ng Propeta: ***"Ang Paraiso ay nasa paanan ng iyong ina."***

At sinabi pa ng Propeta: ***"Ang kagalakan ng Allah ay nasa kagalakan ng mga magulang sa kanyang anak, ang galit ng Allah ay nasa pangangalit ng magulang sa kanyang anak."*** at dahil sa mga magagandang aral ng Islam, naging inspirasyon ko na pagtuunan ng pagmamahal ang aking asawa, anak, magulang, kapatid at kamag-anakan at kapwa ko tao. Ngayon ko natuklasan ang tunay na katawagang Muslim. Hindi pala tama na husgahan ang Islam batay sa kilos o gawain ng isang naliligaw na Muslim kundi dapat husgahan ang Islam batay sa aral at kautusan nito na nakasaad sa Banal na Quran at maging sa Sunnah ng Propeta Muhammad (ﷺ). Masakit mang sabihin nguni't katotohanan na mayroong pagkukulang ang ibang Muslim sa kanilang relihiyon, nguni't hindi ito ang dapat maging dahilan upang talikdan ang Islam. Para sa akin, ito na ang pinaka magandang Batas sa lahat ng aking nalaman maliban na lamang sa mga taong lumalabis ang kanilang pagkakapaliwanag sa mga kahulugan ng banal na Qur'an. Tunay ngang hindi madali ang daan patungo sa matuwid na landas, subali't kung atin itong hihingiin sa Allah, gagabayan Niya tayo na may dalang pagsubok, subali't ang pagsubok na ito ay dapat lang nating paniwalaan at tanggapin dahil ang ibibigay Niya sa ating pagsubok ay yaong makakayanan natin at ang kapalit nitong mga pagsubok ay ang umaapaw na biyaya dito sa mundo hanggang sa Kabilang Buhay…

Sana'y mapatawad ako ng Allah sa aking mga kakulangan at kamalian at nawa'y gamitin din niya akong Instrumento sa pagpukaw ng damdamin at pagbibigay ng tunay na kahulugan ng Islam sa paraang mahinahon, marangal at malinis at walang sapilitan. Tulad ng kaparaanan ng ating Propeta Muhammad (ﷺ).

# Hindi Pala Bagong Relihiyon Itong Islam, Bagkus Ito Pala Ang Dalang Mensahe ng Lahat ng Mga Propeta

**Jibril (Jeffrey) L. Baylon**

Ako ay si Jibril Jeffrey Baylon na kasalukuyan na nagta-trabaho dito sa Riyadh bilang isang dental laboratory technician.

Ako ay tubong tagalog na ang dating pinaniniwalaan na relihiyon ay Kristyanismo. sa mga nagdaan na panahon, inakala ko na sapat na itong paniniwala para sa akin at sinasabi na ito na ang aking kinagisnan. Ako ay nagsilbi bilang Sakristan sa aming simbahan at naging aktibo sa mga gawain pang-simbahan.

Subali't hindi ko inakala na ako ay makakapunta o makakarating dito sa Gitnang Silangan [sa Saudi Arabia-Riyadh] at sa di inaasahan na pagkakataon ay dito ko pala matatagpuan ang tunay na Relihiyon o ang tinatawag na Pamantayan ng Buhay.

Una, wala sa isip ko ang makarating man lang dito sa Gitnang Silangan o bigyan man lang pansin ang relihiyong Islam, pati na sa pag-aaral o pagyakap man lang dito.

Sa loob ng limang taon na pamamalagi ko dito sa Riyadh ay biglang nagbago ang lahat at nabigyan ko ng pansin ang relihiyong Islam. Dahil sa loob ng panahong ito ay marami na akong nababalitaan na yumayakap sa Islam, pati na rin ang mga kaibigan na dating mga kristiyano na di inaasahan ay nabalitaan ko na yumakap na rin sila sa Islam.

Dito pumasok sa isipan ko ang katanungang **“Bakit”? Bakit sila nagsiyakap sa Islam?** sa aking pansariling pagkakaalam ang mga Muslim ay masasama, lalo na sa mga nababalitaan ko noong nasa Pilipinas pa ako.

Sa kabila ng mga pananaw na ito, tinanong ko ang aking sarili at sinubukan na tignan ko muna ang katuruan nito at mga mabubuting

Muslim. Sapagka't kung bibigyan ko ng pansin ang masama ay maraming masamang tao at hindi lang ang mga Muslim kundi sa lahat ng lugar.

Dumating ang panahon na ang lahat pala ng paniniwala na ito tungkol sa mga Muslim ay kabaligtaran nang ako ay nagkaroon ng pag-aaral sa Islam. Ang mga tunay na Muslim pala ay yaong mga may takot sa Diyos - ang Allah at tunay na sumusunod sa Kanyang mga batas at alituntunin.

Sa isang pagkakataon ay nagkaroon ako ng interest upang alamin kung ano nga ba ang ibig sabihin ng Islam. Ako ay personal na lumapit sa may-ari ng kompanya na pinapasukan ko at sinabi ko na nais kong malaman ang katuruan ng Islam.

Siya ay natuwa sa akin sa kusang-loob na paghingi sa kanya ng kaunting oras para malaman ang mga bagay na ito. Kaya kaagad niya ako dinala sa isang Islamic Center dito sa Riyadh.

Nang ako ay dinala na sa isang Islamic Center at nakinig sa isang nagsasalita o nagtuturo tungkol sa Islam. Dito ko napag-alaman na ang Islam pala ay pagsunod at pagsuko sa kalooban ng Nag-iisang Lumikha. Ito ang relihiyon ng lahat ng Propeta. Ipinagpatuloy lamang ng Islam ang tunay na misyon ni Propeta Hesus. Magkagayon, hindi pala bagong relihiyon itong Islam, bagkus ito pala ang dalang mensahe ng lahat ng mga Propeta na ang unang kautusan ay ang pagsamba lamang sa Nag-iisang Diyos, magmula pa kay Propeta Adan, Abraham, Moises, Noah, David, Hesus hanggang sa huling Propeta na si Muhammad - sumakanila nawa ang kapayapaan - Napag-isip-isip ko na napakabuti pala nitong katuruan ng Islam at ito pala ay isang pamamaraan ng tamang pamumuhay na kung iyong tatanggapin at isasakatuparan ng buong katapatan ay madarama ang tunay na kahulugan ng pagiging isang Muslim.

Napag-alaman ko na kinakailangan ng isang tao na mag-aral at manaliksik upang malaman niya kung bakit nga ba tayo ay nilikha ng Diyos at kung paano tayo makaliligtas sa Apoy ng Impiyerno. Ito ang kabuuang aral ng Islam - pagsamba sa tanging Diyos at kasabay ng paggawa ng mga mabubuting gawa batay sa aral ng Banal na Quran at Sunnah ng Propeta.

Kaya sa pagkakataong ito ay binigyan ko ang aking sarili na mapag-aralan itong Islam. Kaya ngayon ako ay isa na ring Muslim.





# Sadyang Ang Tadhana at Kapalaran Ang Nagdala sa Akin Para Yumakap sa Islam, Ito ay Isa sa Pinaniniwalaan sa Islam

**Abdullah (Monico) S. Paglinawan**

Marami sa mga kaibigan at kasamahan ko ang nagtataka kung bakit ako yumakap sa Islam at maaaring ang iba ay nagduda sa pagyakap ko Islam at inisip na may halong ibang interes o may kapalit na halaga. Mayroon kasing nagsasabi na kapag ako raw ay yumakap sa Islam, mayroon kakaibang pagtatangi o pagtingin o trato sa akin. Maaaring mayroon nga dahil sa kapatiran, nguni't hindi ito ang batayan at dahilan ng pagyakap ko sa Islam.

Bata pa ako ay iminulat na kami ng aming ina sa mabuting asal at ugali dahil ang aking ina ay dating naninilbihan sa kumbento, isa siyang madre [o sister] at sadyang iminulat kami bilang mabait na Katoliko Romano. Bata pa ako ang lagi naming pinagtatalunan ng aking ina ay kung bakit ako mangungumpisal sa Pari, ito ay lagi kong tanong sa kanya at ito ay ang unang-una kong pinagtatakahan sa Katoliko. Ang sabi ko sa ina ko: ***"...Inay! Hindi dapat tayo magsabi ng kasalanan natin diyan sa Paring iyan, sapagka't isa lang siyang tao at hindi siya ang nararapat pagsabihan ng kasalanan, dapat diretso natin sinasabi sa Panginoong Diyos ang kasalanan natin."*** Kaya, magmula noon halos hindi na ako nangungumpisal sa tao. Hanggang sa magtapos ako ng elementarya, ipinamumulat pa rin ako ng aking ina sa paniniwala bilang Katoliko at sa kagustuhan niyang maging isa akong Pari at ako ay sumang-ayon dahil gusto ko nga maging isang alagad ng Diyos at maninilbihan para sa Kanya. Pero lahat ng mga ito ay sadyang hindi natupad. at nang ako ay tumuntong sa kolehiyo sadyang ang mga kapatid nating Muslim na taga Mindanao ang halos na malalapit kong kaibigan. Lalo na si Omar Unda, noon pa man sinasabi na niya sa akin ang tungkol sa paniniwala ng mga Muslim. Ang Islam ang tanging relihiyon na nagbibigay ng tamang konsepto sa Nag-

iisang Diyos. Ito ay nagtuturo kung bakit ang tao ay nilikha at nagbibigay aral upang maging mabuting tao at maihanda ang buhay pagkaraan ng kamatayan. Dahil dito nawala na sa isipan ko ang pagpapari at ako ay nabiyayaan ng magandang asawa at tatlong anak na sunod-sunod na babae. Ako'y nagdasal sa Panginoon na sana bigyan ako ng lalaking anak. Lumipas ang siyam na buwan nanganak ang asawa ko ng lalaki at sadyang ito ang dahilan kung bakit ako pumunta sa Saudi at may pangako ako sa sarili ko na kung biyayaan ako ng anak na lalaki ako ay yayakap sa Islam at ako ay nag-isip kung papaano ko gagawin ito? Kanino ako lalapit at ang asawa ko ay baka hindi pumayag na pumunta ako sa Islamic Center sa atin. Nguni't, ang Diyos ang nakakaalam sapagka't pagkalipas ng limang taong pananatili sa atin, ako ay pinalad naman na makuha ng aking kaibigan na nagtatrabaho dito sa Saudi at mapalad na napili ng Jeraisy computer and communication services. at noong March 1999 ako ay nagsimulang magtrabaho dito sa Saudi Arabia at nadestino dito sa Ministry of Defense in Aviation (MODA) at ako ay laging iniimbita ni Rashid Zharani ang aking Project coordinator na yumakap sa Islam, dahil ang paniniwala ko daw ay nasa Islam. Ang sabi ko sa kanya kailangan basahin ko muna ang Qur'an at unawain ang nilalaman nito at lumipas pa ang dalawang taon bago ko naintindihan kung ano talaga ang Islam at sa mga panaginip ko mayroong taong nagsasabi na ito ang tamang daan, at lagi kong dasal na sana ako ay maging matatag at malakas na Muslim "Insha Allah". Pinag-aralan kong mabuti ang Islam at aking nakita ang katotohanan na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah- ang tanging Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Ang mga aral ng Islam ay pawang katotohanan at makatuwiran. Ang tuwirang pagsamba sa Allah ang nagbigay lakas sa akin upang maging mabuting tao at maging matatag sa pagsubok ng buhay. Kung ang isang tao ay may tapat na hangaring kumilala sa kanyang Panginoon, siya ay magkakaroon ng paraan upang mabuksan ang liwanag ng Islam. Walang sapilitan sa relihiyong Islam, nguni't ang katotohanan ay mangingibabaw kaysa sa kamalian. sa tulong ng Allah at ng inyong Propagation Center sa Rabwah ay pinipilit kong maging karapat-dapat na Muslim at nawa'y gabayan ako ng Allah hanggang sa Huling Araw.





## Kapatiran Ang Siyang Lubos Kong Nagustuhan sa Islam. Dahil Taos-Puso Ang Pagtutulungan sa Relihiyong Ito

**Ismael (Greg) Dela Paz**

Una sa lahat ay hayaan ninyo munang batiin ko kayo ng pangkalahatang pag-bati **"Assalamu alaikum warah matullaahi wa barakatuh"**. Ang nakaakit sa akin upang magustuhan ko ang Islam ay ang pagkakapatiran. Ang isang Muslim ay mayroong tungkulin sa kanyang kapwa Muslim. Ang pagtutulungan at pakikipagkaibigan at pakikipag-kapwa tao ay isang magandang katangian ng isang Muslim. Para sa akin, sadyang mahalaga ang kapatiran, sapagka't ito'y nagbibigay o nagdudulot ng isang magandang pamayanan at isa sa nagpapatatag ng ating pananalig sa Diyos-Allah.

At ang isa pa ring nakaakit sa akin ay ang tunay na kahulugan ng Islam. Isa sa kahulugan nito ay **Kapayapaan** at kung ang kapayapaan ang iiral sa bawa't tao, hindi na magiging magulo ang pamumuhay lalo na sa atin sa Pilipinas. sa aking pananaw, ang tanging lunas para magkaroon ng katahimikan ay iisa lamang, ang **Islam.** Sapagka't ang batas ng Islam ang tanging makapagbibigay ng ganap na Kapayapaan. Kaugnay ng Batas ng Islam ay ang pagkakaisa na walang dapat sambahin maliban sa nag-iisang Diyos- ang Allah.

Dati akong mahilig magsugal, nagbebenta ako ng mga alak- imported at local at nagbebenta rin ako ng mga pirated ng CD at ang isang mas matindi, ako ay kubrador ng lottery. sa madaling salita, ako ay kumikita ng humigit kumulang na 3.000 SR. Ito ay sa pamamaraang illegal o pinagbabawal. Subali't nang makilala ko ang Allah na Siyang tunay na Tagapagligtas, nagkaroon ako ng tunay na takot at iniwan ko lahat ang mga bagay na ito. at ito ay aking pinagsisisihan, kaya nagbalik loob ako sa Allah.

Buhat nang makilala ko ang Allah sinikap kong gawin ang mga bagay na matuwid at iwasan ang mga dati kong masamang gawain. sa pagyakap ko sa Islam maraming nabago sa buhay ko. Una; ang tamang pagkakilala at pagsunod sa nag-iisang Diyos, ang Allah - ang tamang pagsamba na tanging sa Kanya lamang - at ang tamang pagmamahal at pag-aaruga sa magulang at pagtanggap sa lahat ng mga pangyayari maging ito man ay mabuti at masama.

May isang pangyayari kung bakit ako naging Muslim. Isang gabi, bago matulog, ako ay humihiling sa Kanya nawa'y ipakita Niya sa akin ang tamang Pananampalataya upang mabago ko ang masamang gawain. at ang aking kahilingan ay Kanyang ibinigay o ipinakita sa aking panaginip. sa aking panaginip nakakita ako ng taong nakaputi at siya ay naghuhugas tulad sa isang Muslim kapag nais magsagawa ng Salah (pagdarasal), at ang isa naman ay nakapatirapa.

Pagkagising ko ng umaga, naghanap ako ng babasahin tungkol sa Islam at hinanap ko ang Islamic Center sa New Sinayah upang tanggapin ang Pananampalatayang nagtuturo ng Kaisahan ng Diyos na walang dapat sambahin maliban sa Allah. at bago ko narating ang Islamic Center sa New Sinayah para akong pinipigilan na kung saan ay di ko alam kung ano?, o maaaring sinusubukan lamang ako sa pagkakataon na iyon. Ang ulan ay nagbabanta at pumapatak-patak pa. Nang sapitin ko ang Islamic Center "Alhamdulillah" sabay buhos ng pagkalakas-lakas na ulan na tila ba isang pagpapala mula sa Allah. at dito ko na tinanggap ang Islam at damang-dama ko ang katiwasayan at kapanatagan ng kalooban. Sadyang nasa pagsuko sa Allah makararamdam ng ganap na kapayapaan at katiwasayan.





# Binalak ko Talagang Pasukin at Pag-Aralan Ang Islam Upang Ibulgar Ang Mga Kamalian Nito Para Maliwanagan ng Mga Muslim Ang Kanilang Maling Paniniwala.

**Moatasim (Rafael) Molon Viernesto**

Noong Kristyano pa ako (Katoliko), ni sa guni-guni ay hindi ko inaakala na ako ay magiging Muslim. Noon kasi sa bayan kung saan ako nagkaisip at nakapag-aral ng elementarya ay halos puro katoliko ang naninirahan. Dagdag pa na ang aking lola ay masugid na tagasunod ng Romano Katoliko. Gabi-gabi nagdadasal kami ng rosaryo sa harap ng imahen ni Birhen Maria at ni Hesukristo. Dahil maaga akong naulila sa mga magulang, kami ay naiwan sa kandili ng aming lola't lolo. [Apat kaming magkakapatid na puro lalaki]. Ang lola ko, kahit man sarado Katoliko ay hindi nakaligtaan na magsimba sa tuwing Linggo, at sa unang Biyernes ng bawa't buwan. Siyempre dahil paborito niya akong apo, sinasama niya ako lagi, kahit pumalya ako sa pag-aaral, huwag lang sa pagsimba. Tuwing Linggo may misa sa baryo namin. Tuwing dadaan yong Pari na nagmimisa, kapag nakita niya yaong mga kalalakihan na walang inaatupag kundi ang magpakahig ng manok na sabungin at may kaharap pang tuba, sisigaw na ang Pari. Hoy! Magsipagsimba kayo, huwag kayong tumulad sa mga Moros [ang tawag sa mga Muslim sa Pilipinas] na walang Diyos. Wala palang Diyos ang mga Moros, tanong ko sa sarili ko. Oo nga, sapagka't hindi sila naniniwala na si Kristo ay Diyos. Hindi ko pa noon narinig ang pangalang Allah. Buo ang paniniwala ko noon na ang mga Moros o Muslim ay walang Diyos. Hindi katulad sa mga Kristiyano na may Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo, pero iisa lang iyon, kahit magulo naniniwala ako. Noong nag-aaral na ako sa High School, naitanong ko sa teacher namin sa religion na isang madre [mga madre kasi

ang nagtuturo sa amin sa High School] kung bakit may diyos ama, diyos anak at diyos espiritu. Ang sagot niya sa aming mga nag-aaral, iyon daw ay isang misteryo, at hindi kayang unawain ng tao, pero kapag namatay ka raw at mapupunta sa Paraiso, doon mo na raw malalaman ang misteryo na kung tawagin nila ay Santissima Trinidad. Bakit kaya ibinigay sa atin ang isang misteryo sa pananampalataya gayong tayo naman ay mayroong pag-iisip na nakaaabot ng pang-unawa? May katotohanan kaya ito?

Minsan, naitanong ko sa teacher kong Madre kung halimbawa nahuli ka ng mga kalaban na hindi mga Kristiyano. Tinanong ka kung saan nagtatago yaong mga kasamahan, pahihirapan ka nang husto para magtapat. Hirap na hirap ka na, at hindi mo matiis ang pahirap. Magpakamatay ka na lang ba? Hindi ba kasalanan ang magpakamatay sa ganoong kalagayan? Sagot sa akin, "Isipin mo si Hesukristo, ipinako sa Krus, nakapagtiis siya, ikaw pa kaya ang hindi magtiis." Sagot ko naman, siya ay Diyos, at may kapangyarihan iyon, ako tao lang. Sagot ng Madre sa akin, kahit na Diyos siya ay tao rin iyon. Lalo akong naguluhan. Sabi ko uli, "Eh, diyos nga iyon, kaya nakakayanan niya." Sabi rin niya uli, "Kahit diyos siya, tao pa rin iyon." Naku, lalong gumulo. sa ganoon pabalik-balik ang aming pagtatalo, hanggang sa mahalata ko na galit na siya. Para matigil na lang, nagkunwari ako na naunawaan ko na, nguni't hindi ko talaga maintindihan.

Hanggang mapadpad ako sa Maynila, nakapag-asawa't nagka-pamilya ako sa lugar na ito, at kung anu-anong relihiyon na ang sinamahan ko. Wala akong tinatanggihan. Basta kumatok sa pinto namin, pinapapasok ko at pinakikinggan, kung anu-ano ang kanilang katuruan. Iglesia ni Kristo, Baptist, Sabadista, Saksi ni Jehovah, at saka yong Church of Christ na puro Intsik ang namamahala. Lahat yan sinamahan ko. Magkakaiba lang ang istilo at pangalan, nguni't ang doktrina ay pareho.

Hanggang natanggap ako sa Saudi Arabia, may paniwala pa rin ako na Kristiyanismo ang tamang relihiyon, kahit magulo ang doktrina. Binalak ko talaga na pasukin ang Islam upang makita ang kanilang mali, at iyon ay aking ibubulgar, baka sakali kakong maliwanagan sila at maituwid nila ang kanilang maling paniniwala. Paniwala ko talaga na mali ang Islam, tama ang Kristiyano. Nguni't, paano ko malalaman ang mali, wala naman akong alam sa Islam. Isang araw dumampot ako sa Batha ng mga pamphlets tungkol sa Islam. Binasa ko, okey naman ito ah, sabi ko. Wala akong makitang mali. Hanap uli, sa Riyadh Clinic, sa Malaz may nakita akong maliit na libro, ang pamagat ay **"The true Religion"** sinulat ni Abu Aminah Bilal Philip. Hiningi ko ang libritong iyon at binasa ko. Nang matapos kong basahin, napabulalas ako, sabi ko, "Tama ito, tama ito talaga" sa iglap na iyon, sa halip na ang mali ng Islam ang makita ko, ang nakita ko ay ang malaking mali sa aking relihiyon na Kristiyanismo. Biglang umikot ng 360 degrees ang aking pananampalataya. Ganap kong tinalikuran ang katuruang Kristiyanismo, at lihim kong pinag-aralan ang Islam. Kung paano magdasal (Salah), maghugas (Wudu'), maligo (Ghusl). Sabi ko sa sarili ko, sa pag-iisa ko binanggit ko rin ang **"Laa ilaaha illallah"** (Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah). Tuwing oras ng Salah, nagsasagawa ako ng Wudu' at sa kuwarto na rin ako nagsasagawa ng Salah na mag-isa, nagpapatirapa na rin ako, iyon nga lang sa sarili kong dasal o salita ang ginagamit ko. Gustong-gusto ko ng magpahayag ng Shahadah [o pagsasaksi sa Kaisahan ng Allah], nguni't parang may pumipigil sa akin. Pero sumumpa ako sa sarili ko na hindi ako uuwi ng Pilipinas na hindi isang ganap na Muslim. Tuwing dasal ko hinihingi ko sa Allah na bigyan Niya ako ng patnubay sa tuwid na landas, at bigyan Niya ako ng lakas na gawin ang tama, na naaayon sa Kanyang Kalooban.

Dumating ang buwan ng bakasyon ko. Kung bakit ang maintenance manager namin, at ang isang maintanance na nakaintindi sa makina na hinahawakan ko ay biglang sabay na nagbakasyon. Naiwan akong mag-isa na nakaintindi sa makinang hawak ko. Dahil doon pinigil ng production manager ang bakasyon ko. Nagalit ako at nag-away kami. Tinanggal niya ako sa trabaho. Natakot ako, hindi ako natakot na mawalan ng trabaho. Natakot ako na uuwi sa Pilipinas na hindi pa ako Muslim. Kailangan bago ako umuwi ganap na akong Muslim. Dahil doon nagpunta ako sa Guidance sa Industrial area kay Abdul Rashid Basco. Nang ganap na akong Muslim saka ko na lamang naunawaan na marahil ay ginawa ng Allah iyon para makapagpahayag muna ako ng Shahadah [o pagsasaksi sa Kaisahan ng Allah], at matupad ang binitiwan kong salita na hindi ako uuwi sa Pilipinas na hindi isang ganap na Muslim.

# Aking Naalala Ang Payo ng Aking Mga Magulang Noong Sila'y Nabubuhay pa. Anak!!! Magsisisi ka Rin sa Bandang Huli

Mohammad Ali O. Saripada

Ako po ay isinilang sa Talambo, Poblacion, Pualas Lanao Del Sur, noong Abril 15, 1965 at sa kasalukuyan ako po ay namamasukan dito sa Lada Aluminium Factory Company. Ako'y isang Muslim dahil ang aking mga magulang ay mga Muslim. at dahil sinuway ko ang magandang pangarap sa akin ng mga magulang ko para sa aking kinabukasan sa Kabilang Buhay kaya ganito ang aking katayuan na para ba akong isang mangmang sa kaalaman tungkol sa Islam, mas daig ko pa ang isang Mushrik (Nagbibigay katambal sa Kaisahan ng Allah).

Una sa lahat: Aking natatandaan pa noong ako'y anim na taon pa lamang, ako'y inihatid ng aking mga magulang sa Arabik school upang mag-aral. Nguni't nabigo ang kanilang pangarap para sa akin upang maging isang edukado tungkol sa kaalaman sa Islam. Dahil dalawang linggo pa lamang ang aking pagpasok sa eskuwelahan ay tumigil na ako at kahit Kindergarten ay hindi ko natapos.

Kaya ngayon palang ako nagsisisi sa aking katayuan na walang kaalam-alam sa aking Relihiyon at noong ako'y naging isang pamilyado na at naging isang tatay na rin ay saka ko pa napag-isipan, na mamamatay din ako. Dahil ako po ay lumaki sa layao at lahat na siguro ng bisyo sa buong buhay ko ay aking pinagdaanan.

Sa katunayan isa akong basagulero kapag nakainom. Dahil isa akong lasenggo, gumagamit din ako ng mga drug, wala akong sina santo na klasing drug; gaya ng: Rugby, syrup o liquid na gamot, valume, tusuk, at marijuana at ngayon ang uso ay ang Shabu. Pati lahat ng uri ng

sugal ay aking pinasok, babaero rin ako noong ako'y binata pa. Kaya malaya kong nagagawa ang lahat ng bisyo ko sa buhay ko, dahil noong binatilyo pa ako ay pinag-aral ako ng high school sa Zamboanga at ng kolehiyo sa Maynila na kung saan ay malayo sa mga magulang, kung kaya't lahat ng bisyo sa atin ay aking natutunan.

Ngayon, lima na ang aking mga anak at saka ko pa napatunayan na malapit na pala akong mahulog sa bitag ni Satanas upang maging kasama niya sa Impiyerno at tuluyang malayo sa aking relihiyong Islam. Dahil sa kahirapan sa ating sariling bansa, naisip kong mag-abroad dito sa Gitnang Silangan, kaya't ako'y nag-apply na lang dito upang makipagsapalaran at makaahon sa kahirapan. at noon din nag-umpisa na akong gampanan ang aking tungkulin sa Allah, itong nakaraan na taon pa lamang September 2000 upang ako'y patawarin ng Allah sa lahat ng aking nagawang pagkasala at nawa'y tuluyan na Niyang ilayo sa akin ang mga masasamang nakaraan ko.

Kaya noong paglapag ko pa lang sa Riyadh International Airport June 4, 2001. Aking naalala ang mga payo ng aking mga magulang noong sila'y nabubuhay pa. na ang kanilang kasabihan sa akin ay sa bandang huli ako rin daw ay magsisisi, dahil hindi ko raw ginustong mag-aral ng Arabik at mas ginusto ko pa raw ang English Curriculum, kaysa sa aking kinabukasan sa Kabilang Buhay. Kaya tama ang kasabihan na ang pagsisisi ay laging nasa bandang huli. Ito ang malaking dahilan na kung saan ay gumawa ako ng paraan upang makapag-aral sa Adult Student.

At di naglaon ay may nakilala akong isang kapatid natin sa Islam na OFW din dito sa Riyadh sa Batha. at agad ko namang tinanong kung mayroon siyang alam na Out of School Youth o para sa Adult Foreign Student na Arabik. at ang sabi sa akin mayroon, dito nga sa Islamic Propagation Office in Rabwah. at sa ngayon ay kasalukuyang nag-aaral ako dito sa Rabwah Center.





# Kung Ang Mga Muslim ay Masasama. Bakit Lagi Silang Nagdarasal at Limang Beses pa sa Loob ng Isang Araw

**Ahmad (Luis) Capina Espinar**

Taong 1988 nang ako ay dumating dito sa Riyadh, Saudi Arabia. Ako nga pala ang inyong kapatid sa Islam na si Ahmad C. Espinar dating Luis Espinar. Tulad ng marami sa ating mga kababayan ang unang dahilan ng pagpunta ko rito sa Saudi ay para kumita ng pera at matupad ang mga pangarap sa buhay dahil sa ang sabi nga nila, dito raw sa Saudi ay madali ang pera lalo na at kung malaki ang suweldo mo. at sa unang sayad pa lamang ng paa ko sa bansang Arabo ay iba na agad ang pakiramdam ko. Dahil sa ibang iba ang kulturang tumambad sa aking paningin malayong-malayo sa kinagisnan kong kultura sa Pilipinas. Ang sabi nga ng ibang nanggaling na rito ay sobra raw ang higpit at lahat ay bawal. Kaya nga, takot ang una kong naramdaman sa mga Arabo. Wala akong kaalam-alam kung ano ba ang kultura ng bansang Muslim. Ang tangi ko lamang alam ay ang mga Muslim ay matatapang at mahilig sa away, ito kasi ang tumanim sa isipan ko noong nasa Pilipinas pa ako. Dahil sa kaguluhan noon sa Mindanao kaya nga ang pagkakaalam ko sa kanila ay wala silang kinikilalang Panginoon. Pero nang dumating na nga ako rito ay biglang nagbago ang pananaw ko, ang unang-una kong napansin sa kanila ay ang pagdarasal nila ng limang beses sa loob ng isang araw. Kaya nga sa isip ko kung ang mga Muslim ay masasama, bakit lagi silang nagdarasal at limang beses pa maghapon, samantalang ang mga Kristiyano ay tuwing araw ng Linggo lamang nagsisimba at kung minsan ay hindi pa. Kaya simula noon ay nawala na ang takot ko sa mga Arabo at unti-unti na akong nasanay sa kanilang kultura.

Lumipas pa ang maraming taon at wala sa isip ko na ako ay maging Muslim dahil nga sa mahilig ako sa mga kasayahan at hindi ko kayang iwanan ang mga layaw dito sa ibabaw ng Mundo, lalo na at sagradong Katoliko ang aking asawa. Nguni't sa tuwina na ako'y nakakakuha ng mga babasahin tungkol sa Islam, anupa't ito ay aking itinatabi at pag may libre akong oras, ito ay aking binabasa. sa una, ito ay bale wala sa akin binasa ko lang dahil sa gusto ko lang malaman kung ano ang Islam at pagkatapos noon ay itatabi ko ulit ang mga babasahin na iyon. Ganoon ng ganoon sa tuwing may nakukuha akong mga pamphlet ito ay aking itinatabi. Hanggang sa isang araw ay may pumunta sa aming planta na mga Saudi's na Mutawa at doon ay nagkaroon sila ng lecture about Islam. Pero hindi ako dumalo dahil sa alam ko ay para lamang iyon sa mga Muslim. Nang pauwi na sila ay inabutan ako ng isang Mutawa ng dalawang babasahin tungkol sa **"Talakayan sa pagitan ng Muslim at Kristiyano"** at ang isa ay tungkol sa **"Kabilang Buhay"**. Binasa ko ito at doon ay nagkaroon ako ng interes lalo na ang tungkol sa Kabilang Buhay at kung ano ang mangyayari sa mga taong namatay na, na hindi naniniwala sa Kaisahan ng Allah. Hindi ko lubos maisip ang mga nabasa ko at ang mga ibig sabihin nito, nguni't sa aking puso ay naroroon ang pangamba at pagkatakot. Oo, ako ay naniniwala na mayroong Panginoon pero hindi katulad ng paniniwala ng mga Muslim na ang Allah ay nag-iisa at walang katambal. Hindi kagaya ng mga Kristiyano na ang pagkakaalam ay mayroon Diyos nguni't ito ay nahahati sa tatlong persona ang Ama, Anak at Espiritu Santo. Simula noon ay muli kong binalikan at binasa ang mga itinabi kong mga pamphlet tungkol sa Islam at dito ay unti-unti akong nagising sa Katotohanan, napatunayan ko sa aking sarili na mali ang ginagawa naming pagsamba kay Hesus bilang Panginoon. Hanggang sa nadagdagan pa nang nadagdagan ang mga kaalaman ko tungkol sa Islam bukod pa ang mga pagtatanong ko sa mga kasamahan kong Muslim. at may mga pagkakataon na kapag ako ay nakakarinig ng mga pag-uusap ng mga kapwa ko Pilipino sa aming trabaho tungkol sa mga Muslim at ito ay kanilang sinisiraan at pinagtatawanan hindi ko maintindihan ang aking sarili kung bakit nasasaktan ang aking damdamin. Marahil dala siguro ito ng mga nababasa ko at nagiging matimbang na sa akin ang mga Muslim. Taong 2001 nang tuluyan ng lumayo ang damdamin ko sa pananampalatayang Kristiyanismo. Itinuon ko na lamang ang sarili ko sa paghahanap ng katotohanan at dito nga sa Islam nakita ko ang lahat ng mga katanungan sa aking sarili, ibang iba ang pakiramdam ko kapag ako ay nakakabasa ng mga bagong mensahe sa Islam. at dumating ang buwan ng Ramadan 2001 at dito sinabi ko sa aking sarili na pagkatapos ng buwan na ito ay yayakapin ko ang Islam. sa madaling salita gusto kong maging isang Muslim. at "Alhamdulillah" dalawang araw bago matapos ang buwan ng Ramadan ay ginabayan na ako ng Allah, binuksan Niya ang aking puso at niyakap ko na ang Islam. Araw iyon ng Huwebes December 13, 2001 pumunta ako ng Batha para mamili ng mga gamit napadaan ako sa harapan ng Bulwagang panayam tungkol sa Islam. at doon ay nakita ko si Brother `Isa na nag-aalok ng mga pamphlet tungkol sa Islam sa mga dumadaan na mga kababayan natin. Tumigil ako sa harap niyon at pumili ako ng isang babasahin at doon ay inalok ako ni Brother `Isa kung gusto kong pumasok sa loob ng tent at makarinig ng tungkol sa Islam, hindi siya nagdalawang salita at ako ay nagpaunlak sa kanya. at doon ay nalaman ko lahat ang gusto kong marinig. Sinabi sa akin ni Brother `Isa na kung gusto kong yumakap sa Islam ay madali lamang at ng gabing iyon ako ay nagpahayag ng Shahadah [o pagsasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay tunay na Sugo ng Allah]. Halos maluha ako sa galak dahil sa ibang iba ang pakiramdam ko maligayang maligaya ako dahil sa alam ko na nasa tamang landas na ako ng Pananampalataya. at "Alhamdulillah" ako ay nagpapasalamat sa Allah dahil ako ay Kanyang ginabayan, at binuksan Niya ang aking puso't isipan.

# Mas Naiintindihan ko Ang Relihiyong Islam, Dahil Sumasamba sa Nag-Iisang Diyos, Samantalang sa Kristiyanismo ay May Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo

**Rashid (Reynaldo) A. Arellano**

Balik Islam ang tawag sa mga taong yumayakap sa relihiyong Islam, kaya taas noo akong tawaging balik Islam ngayon… Noon ako ay dating kristiyano, dahil mga kristiyano ang mga magulang ko, at ito ang nakagisnan kong relihiyon. Kadalasan hindi ako nagsisimba, kadalasan tumatawag lang ako sa Panginoon kapag may problema, o may sakit ako, o kaya'y nangangailangang manalangin, sa loob ng isang taon nabibilang kung ilang beses lang ako pumasok sa simbahan, minsan pag sinuwerte wala pa…

Noong una naniwala na lang ako sa kasabihan na hindi ang relihiyon ang makakapagligtas sa tao kundi ang paniniwala, nguni't paniniwala na hindi ko alam. Hindi ko alam kong paano, hindi ko alam kong ano? Hanggang nawala na sa isip ko ang pananampalataya, ang pananampalataya na napalitan ng makamundong libangan, kagaya ng pag-inom at iba pa…

Hanggang sa ipagkaloob ng Allah nang makarating ako ng Saudi Arabia, na hindi ko alam kong ano ang nandoon, at ang mangyayari sa akin doon, sa totoo nga lang takot ako sa Saudi, noong una iniisip ko baka dito ako mapatay, mapugutan ng ulo, strikto raw kasi ang Saudi, wala raw bisyo, wala raw libangan, at wala raw kasiyahan sa lugar na ito…

Nguni't ito ay isang kamalian, sapagka't lahat ng narinig at impormasyong nakuha ko ay kabaligtaran sa aking nakita. Mayroon din namang mabubuting Muslim na aking nakasama. Kunsabagay noong una ang tingin ko sa mga Muslim ay masasama, kasi wala pa akong nakikitang kabutihan kundi ang nangingibabaw ay ang mga balitang masama tungkol sa mga Muslim…

Minsan nagkaroon ako ng interes na malaman kung ano ang Islam at kung ano ang Muslim, nguni't nadismaya ako dahil nakakita ulit ako ng isang masamang Muslim, magkagayon pa man, sinubukan ko pa ring magtanong sa isang nakakwarto kong Muslim kung maaari kong basahin ang english translation niyang Qur'an, nguni't hindi ako pinagbigyan, hindi raw maaaring basahin ng isang hindi Muslim. Kaya inisip kong hindi na ako magkakainteres sa Islam. Katulad ng dati tatawag na lang ulit sa pangalan ng Panginoon kung nalulungkot ako't may kailangan.

Hanggang ipagkaloob ng Allah ang isang taong nagbigay daan sa akin sa pagyakap ng Islam. Ang daang hindi ko binigyan pansin noong una, na ang bawa't ipinagkaloob niyang kaalaman ay pinapakingan kong parang kuwento lamang, kuwentong hindi ko pa rin alam kung ano, at paano ko maiintindihan, hanggang sa tinanong niya sa akin kung ano ang aking relihiyon at kung ako'y naniniwala sa iisang Diyos. Doon ako nagkainteres na bawa't makatuwirang paliwanag niya ukol sa Islam. Aking pinag-aralan, at dito ko nalaman na sa relihiyong Islam ang pagsamba pala ay natutuon lamang sa Nag-iisang Diyos na Siyang may likha ng lahat - tao, jinn, anghel at lahat ng bagay - nakikita man o di nakikita. Siya ang Allah. Samantalang kung ihahambing sa relihiyong aking kinagisnan, higit na maliwanag ang mga aral at paniniwala ng Islam. Tuwirang tinatakwil ng Islam ang pagkakaroon ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu. Ang wagas na pagsamba sa Nag-iisang Diyos ang siyang pinakahaligi ng Islam. Walang misteryo, walang himala, bagkus lahat ng paksa ay mayroong malinaw na kasagutan. Dito ko napagtanto na hindi pala sapat na maniwala lamang sa Nag-iisang Diyos kundi kailangang tama ang pananampalataya at pagkilala sa Nag-iisang Diyos upang makamtan ang hinahangad na kalinisan ng pagkatao at puso para Allah. sa patuloy na pagbabasa, at tiyaga ng isang mabait na kapatid sa Islam, namalayan ko na lamang ang aking sarili na yumakap sa Islam ng buong puso at pagkatao, maraming salamat sa Allah, sa pagbigay Niya ng gabay at biyaya para ako'y magbalik Islam.

Sana pagkalooban tayo ng Allah ng higit na karunungan at higit na kaalaman, upang lalong maging matibay ang ating pananampalataya sa Allah hanggang sa huling sandali ng ating buhay.





# Ako ay May Malaking Agam-Agam Kung Bakit Dinadasalan at Niluluhuran Ang Mga Rebulto

**Abdullah (Vicente) D. Barretto**

Isinilang ako sa lalawigan ng Rizal at nagkamalay at lumaki bilang katoliko. Ako at ang aking ina ay aktibo sa simbahan noon. Ako'y naging kursilista, gitarista o tumutugtog sa simbahan at miyembro ng Knights of Columbus samahan ng mga kalalakihang Katoliko, katungkulan bilang isang Warden, nguni't sa kabila ng lahat ng ito, ako ay may malaking agam-agam sa aking puso at kaisipan, kung bakit namin dinadasalan at niluluhuran ang mga naglalakihang rebulto, nabasa ko sa banal na kasulatan na **"Huwag nga kayong sumamba sa mga diyus-diyusan na gawa ng tao, ni kawangis ng anumang nasa lupa at nasa langit. Ako ang inyong Diyos ang dapat lang sambahin na lumikha sa lahat at Ako na inyong Diyos ay Mapanibughuin".**

Kaya ako ay patuloy na naghahanap ng katotohanan sapagka't ang katotohanan ang makapagpapalaya sa atin, hanggang sa ako ay pinalad na makapaghanapbuhay sa Gitnang Silangan at dito nakapagbasa ako ng mga babasahin tungkol sa Islam. Dahilan ng pagyakap ko sa Islam.

At yaong tunay na konsepto ng nag-iisang Diyos. Lahat ng relihiyon ay naniniwala sa tunay na pagkakilala sa nag-iisang Diyos, at lahat ng ito ay nagtuturo ng kabutihan. **sa Islam, ang mga pangkalahatang turo o aral nito ay dapat lamang sambahin ang Dakilang Lumikha, sumunod sa Kanya at tumalima**. at dito ang sistema ng pagdarasal ay sa tuwi-tuwina, pagyukod, pagpapatirapa at pagpapakupkop na tanda ng pagsukong ganap sa sarili sa Nag-iisang Diyos. at hindi tulad ng ibang relihiyon hinango sa pangalan ng tao, propeta at bagay, at ito ay hindi nagtuturo sa pagsamba sa propeta na kilalanin bilang Diyos, bagkus igalang lamang

siya, paniwalaan at mahalin ng walang pagtatangi. at ang Allah ang Nag-iisang Diyos na lumikha sa lahat ng bagay, at hindi ipinanganak at hindi nagka-anak at walang katulad at hindi dapat ihambing kaninuman. Aking napagtanto ang lahat ng mensahe ng mga Propeta, isa lang ang nagsugo sa kanila na may kumpletong patnubay at gabay.

Ako ay lubusang nagpapasalamat sa Allah. Ginabayan Niya ako sa tamang landas at nasumpungan ko ang tamang pananampalataya na ang gawa ng pananampalataya ay higit na mabisa kaysa sa salita lamang. Sabi nga sa salitang banyaga [Action speak louder than word]. Dito ko rin natagpuan ang tunay na kapayapaan at kaligayahan na hindi makikita kailanman sa antas ng karunungan, kayamanan at katanyagan, bagkus ito ay matatagpuan lamang sa pamamagitan ng ganap na pagsunod, pagsuko at pagtalima sa kalooban ng nag-iisang Diyos.

Ang kayamanan ay hindi sapat upang matamo ang tunay na kaligayahan sa buhay… at tila baga naaalis na ang aking pagnanais at mithiin sa mga materyal na bagay na walang mapapala at matatamasa, hindi rin natin madadala sa Kabilang Buhay. Tayo'y isinilang nang walang-wala ni anuman at tayo'y papanaw rin naman nang wala ni anupaman. at bago dumating ang sandaling yaon, tayo hari nawa'y nasa tamang landas at patnubay Niya, at parati nang handa at tumuklas ng mataas na kaalaman patungkol sa Allah na lumikha at tanging Hukom sa Huling Araw at parati ng magnais na makapiling ng Allah sa Kabilang Buhay.





# Hanggang Minsan Nang Ipa-Renew Ang Aking Iqamah, Ako ay Labis na Nagtaka Dahil Naging Kulay Green na Ito ng Tulad sa Isang Muslim

**Khalid Magalona Sarate**

Ako ay si Khalid Magalona Sarate tubong San Pablo City, Laguna. Kristiyano ang aking nakagisnang Pananampalataya. Wala sa isip ko na magpalit ng relihiyon dahil ang katuwiran ko pare-pareho lamang ang mga relihiyon. Lahat ng itinuturo ay kabutihan at pagsamba sa Diyos, kaya sa akin wala akong minamasamang relihiyon. Marami na rin akong nasamahang religious group at naging korselista rin naman ako. Ang pag-aakala ko na pare-pareho ang mga relihiyon. Subali't hindi pala tama ang aking akala dahil noong una ay hindi ko inalam sa aking sarili kung tama ang pagsamba ko sa nag-iisang Tagapaglikha na wala Siyang katambal. na Siya lamang ang dapat pinag-uukulan ng lahat ng pagsamba. Ang tambalan natin ang nag-iisang Tagapaglikha ay kasalanang walang kapatawaran. Siguro karamihan sa atin ay naghahangad ng katiwasayan ng pag-iisip at kaligtasan sa Kabilang Buhay. Dahil malinaw na nakasulat sa banal na kasulatan ang buhay na walang hanggan. Ang buhay natin dito sa Mundo ay pansamantala lamang.

Dala ng pangangailangan sa buhay, binalak ko na makapangibang bansa at sa tulong ng ating Panginoong Diyos natupad naman ang aking pangarap. Taong 1984 buwan ng Nobyembre, narating ko ang bansang Saudi Arabia. Noong una natatakot ako dahil sa sobrang higpit lalo na sa oras ng Salah. Subali't naisip ko sa aking sarili napakarelihiyoso naman nilang mga tao, limang beses silang nagdarasal sa maghapon. sa panahon na yaon wala pa akong kaalam-alam tungkol sa pananampalatayang Islam. Ang alam ko salbahe ang karamihan sa kanila, isa pa iyan din

ang mga naririnig ko sa Pilipinas matatapang ang mga Muslim. Kaya hindi ako nagka-interes na alamin ang Islam. Hanggang sa ang ilan sa mga kaibigan ko ay nagsipagyakap na sila sa Islam, subali't wala naman silang binabanggit sa akin kung bakit sila ay nagbalik Islam. Ang sinasabi lang nila sa akin, "Ano kaya ang sasabihin ng aking mga kaibigan." Marami-rami na rin akong nababasang mga booklet tungkol dito at wala na akong pinalilipas na mga programa sa television tungkol sa Islam, ang gustong-gusto kong panoorin ay Islamic culture, noon unti-unti ko nang nauunawaan ang Islam. Hindi pa rin dito natatapos ang aking pagsasaliksik sa pananampalatayang ito, lumipas pa rin ang mga taon at ginugulo ako ng aking isipan dahil sa mga nababalitaan ko tungkol sa mga Muslim sa Pilipinas, marami silang ginagawa na hindi kanais-nais at nasundan pa sa nangyari sa Amerika, sila naman ang napagbibintangan. Subali't hindi ito ang aking nagiging batayan upang huminto ako sa paghahanap ng katotohanan. Nagpatuloy ako sa pagbabasa ng mga booklet dahil marami ng natatagpuan sa mga Islamic Center. at dito ko na naunawaan **ang Islam: Ang pagsamba sa nag-iisang Diyos (Allah) na dapat ay wala Siyang katambal.** Subali't wala pa rin sa isip ko ang yakapin ang Islam hanggang sa minsan ipina-renew ang aking Iqamah at nang lumabas ay naging green na ang kulay nito, at ako'y nagtaka dahil ito ay para sa Muslim lamang. Ang inisip ko ay nagkamali lamang siguro, subali't marahil ay may layunin ang pagkakamaling iyon na ang kagustuhan ng Allah ay para yakapin ko ang pananampalatayang Islam. Nagtanong ako kung paano ang pumasok sa Islam at ang sabi sa akin, kailangan ko raw magpahayag ng Shahadah [o pagsasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah]. Isang araw sa buwan ng Ramadan 2001 pumunta ako sa isang kaibigan at pag-uwi ko ng gabi ay napadaan ako sa tapat ng Islamic Center for Call & Guidance sa Batha. Kukuha sana ako ng babasahin nang anyayahan akong pumasok muna sa loob ng tent at pinagbigyan ko naman. at doon ipinaliwanag sa akin ang limang Haligi ng Islam: **"Ang Shahadah (Pagsasaksi), Salah (Pagdarasal), Zakat (Pagkakawanggawa), Siyam (Pag-aayuno) at Hajj (Pagsasagawa ng mga rituwal na gawain ng Hajj sa buwan ng Dhul-Hijja)."** Ipinaliwanag din sa akin ang anim na paniniwala




ng mga Muslim: **"Ang paniniwala sa Nag-iisang Diyos (Allah), sa mga Anghel, sa mga banal na Kasulatan [sa orihinal na mga anyo nito], paniniwala sa mga Propeta, paniniwala sa Kabilang Buhay at paniniwala sa Itinakdang Kapalaran, maging mabuti man o masama ito."** na dapat nating tanggapin ng may pasasalamat sa Allah at ipinaliwanag din sa akin kung sino si Hesus bilang isang dakilang Propeta at Sugo ng Allah, at hindi bilang isang anak ng Diyos, na siyang aking nakagisnang paniniwala, na anak siya ng Diyos at siya ay Diyos na nagkatawang tao. Pagkatapos tinanong niya ako, kung naunawaan ko ang mga ipinaliwanag niya sa akin, ang sagot ko, 'Oo naman.' Kaya inalok na niya ako na yakapin ko na ang Islam, nguni't parang hindi pa ako handa ang sabi ko, pag-iisipan ko muna. Subali't nang tanungin niya ako 'Kung nakakasiguro ba ako sa buhay ko.' at ang sabi pa niya baka bigla na lamang bawiin ang aking buhay na wala ako sa istado ng Islam mapupunta ako sa Impiyerno. Nang sabihin niya ito sa akin, ako ay nag-isip, ang sabi ko sa aking sarili may katotohanan ang kanyang mga sinabi, kaya nang oras ding iyon ay tinanggap ko ang Islam ng buong puso. at pagkatapos kong tanggapin ang pananampalatayang Islam, patuloy akong nagsasaliksik ng kaalaman "Alhamdulillah" sa ngayon isa ako sa mga nag-aaral tungkol sa mga alituntunin ng Islam upang lubusan kong maunawaan ang Kaisahan ng Allah at Sunnah ng Propeta Muhammad (ﷺ). at ngayon alam kong nasa tama na akong pananampalataya at pagsamba sa nag-iisang Tagapaglikha, ang Allah. Nagpapasalamat ako sa Allah at binuksan Niya ang aking puso at isipan upang Siya ay aking lubusang makilala na Siya lamang ang dapat pag-ukulan ng lahat ng pagsamba.

Nawa'y magsilbing gabay ang munting sanaysay kong ito sa mga naghahanap ng katotohanan. sa aking mga kapatid sa pananampalataya, sana patuloy tayong magsaliksik ng kaalaman upang lalong tumibay ang ating pananampalataya.

# Nang Ako'y Maging Muslim, Aking Nasabi, Ito na Ang Pinakamagandang Regalo na Aking Natanggap Mula sa Panginoong Allah

**Abdul Rahman Lundang Maglalang**

Bilang isang Romano Katoliko noon, ang aking paniniwala kay Hesukristo ay bugtong na anak ng Diyos. sa madaling salita lumaki ako na dala-dala ko sa aking puso na si Hesus ay Panginoon, maliban sa Diyos Ama.

At bilang isang Kristiyano o Romano Katoliko ang araw ng pagsamba ay ginagawa sa araw ng Linggo o isang beses bawa't Linggo. sa totoo lang hindi ko pa rin nagampanan ang bagay na ito nang regular.

Ayon sa nalaman kong katuruan sa aking mga magulang, ang maniwala sa Diyos at matakot sa Kanya, ang Siyang naging daan ko sa aking buhay hanggang sa aking paglaki.

Taon 1980 pinalad akong makapagtrabaho dito sa Saudi. sa aking pagtatrabaho dito, ang tanging naging sandata ko sa aking pananampalataya ay ang aking pananalig sa Diyos at pagdarasal sa araw-araw.

Lumipas ang maraming taon patuloy pa rin ang aking pagtatrabaho dito sa Riyadh. sa kabila ng lahat ng aking pagtitiyaga at pagtitiis upang mabigyan ko ng magandang buhay at kinabukasan ang aking pamilya. Nabigo ako, dahilan sa isang pangyayari na mahirap tanggapin. Bagama't nakipaghiwalay ako sa ina ng aking mga anak, hindi ko tinalikuran ang aking tungkulin sa kanila. Taong 1994 natuto akong gumawa ng mga masasamang bagay at tuluyang lumayo sa Diyos sa dahilang alam kong kasalanan itong aking pinasok. Naging makasalanan ako sa paningin ng Diyos. Dahil sa aking konsensiya, muli ako ay humingi ng kapatawaran sa Diyos dahil alam ko na ang Diyos ay Mapagpatawad.

Taong 1997 nang pasukin kong muli ang buhay may-asawa at sa pagkakataon na ito naging masaya ang aming pagsasama na wala kaming itinatago sa bawa't isa. Both sides tinanggap nila kami nang maluwag.

Taong 1999 ang aking asawa ay muling bumalik dito sa Riyadh upang magtrabaho bilang isang private nurse sa isang anak ng prinsipe. Ang ina ng Amir na alaga ni misis ay pumayag na magsama kaming mag-asawa sa kanilang lugar. Bilang isang private nurse ang aking asawa ay kailangang sumama lagi sa kanyang alaga. sa pinakitang kabaitan nila sa aking asawa, isang araw kinausap nila ito at inalok nila sa kanya ang pananampalatayang **Islam**. at dito na kami nag-usap na mag-asawa, marami kaming mga bagay-bagay na pinagbasihan. We even ask ourselves kung kaya naming gampanan ang pananampalatayang Islam. You know our answer is… That we will not take it seriously. Kung baga ay Take it or leave it.

But things change in my part. It all started when I took my Shahadah on the night of Saturday 4th of December 1999. Brother Muhammad dela Pena lead the pronouncing the testimony of Faith and he ask me to follow him. When we finished pronouncing the last word, I heard them shout **"Allahu Akbar"** and one by one embraced me and congratulated me as well. Isang bagay ang pinakamagandang pangyayari sa akin ng gabi ring iyon. Ang sinabi ni Brother Muhammad Dela Pena na ang Allah ay pinatawad Niya ang iyong mga nagdaang kasalanan at ikaw ngayon ay isang bata o sanggol na walang bahid na kasalanan at ikaw ay inilayo din ng Allah sa Impiyerno. Ganoon na lang ang nadama kong sigla. Hindi ko sukat akalain na ganoon pala ang ibig sabihin ng pagpasok sa Islam. sa pangyayaring ito sa aking buhay masasabi kong ito ang pinakamagandang regalo na aking natanggap. Ang paggabay ng Allah sa akin sa pananampalatayang Islam.

Unti-unti kong pinag-aralan ang tamang paraan ng pagdarasal at iba pang mga gawain. sa ngayon ang aking pinakalayunin ay ang mabasa at maintindihan ko ang salita ng Allah - ang Qur'an at ang Sunnah ni Propeta Muhammad (ﷺ) upang sa gayon ay maituro ko rin ito sa aking mga magulang at mga kapatid. Gayon din sa aming mga anak at mga kamag-anak. Alam kong hindi madali ang pag-imbita ng tao sa Islam. Subali't ako ay dumadalangin sa ating Tagapaglikha, ang Allah na sana'y gabayan din Niya ang lahat ng tao na malapit sa aking puso.





Tungkol naman sa aking asawa, hindi naging matibay ang kanyang pananampalataya, sa dahilang nagbago ang pag-uugali ng mga taong dati ay mabait sa kanya. Naging kalaban niya ang mga ito hanggang sa dumating ang araw na hindi na niya nakayanan ang pagmamaltrato sa kaniya, at siya ay lumisan. Magkagayon man umaasa ako na balang araw ay babalik muli ang dati niyang sigla at lakas sa pananampalatayang Islam "Insha Allah".

Bilang isang Balik Islam ang aking maipapayo unang una na sa aking sarili at sa inyong lahat mga kapatid sa Islam, na gampanan natin ang ating mga gawain sa Allah. Sapagka't ang Islam ang siyang gabay natin dito sa lupa at ganoon din sa Kabilang Buhay. Sinabi ng Allah sa banal na Qur'an: ***{At ang sino mang magnais ng ibang relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanya, at siya sa Kabilang Buhay ay mapapabilang sa mga talunan}. [Qur'an 3:85]***

Hanggang dito na lamang. Muli akong nagpapasalamat sa Allah sa paggabay Niya sa atin sa tuwid na Landas.

# Sinabi sa Akin ng Isang Pilipinong Muslim, "Kung Gusto Mong Magka-Pera, Magbalik-Loob ka sa Islam."

**Ishaq Belleza Loyola**

Una sa lahat ay gusto ko munang isalaysay ang aking maigsing talambuhay. Ako ay lumaki na kapiling ko ang mga relihiyoso kong magulang at mga kapatid. Ako ang panganay sa aming magkakapatid. Ang aking ama ay kasapi sa Holy Name Society - ito ay samahan ng mga kalalakihan sa simbahan na ang gawain tuwing mahal na araw ay sila ang kumakatawan bilang disipulo ni Hesus - kahit na siya ay may kapansanan. Walang araw ng Linggo, Pasko at Bagong taon na hindi kami nagsisimba at hindi kami pinapayagan ng aming mga magulang na gumala o manood ng sine kapag hindi kami nakapagsimba sa umaga. Noong malapit na akong magtapos sa elementarya ay kumuha ako ng pagsusulit para makapasok sa seminaryo - ito ang paaralan ng sinumang nais maging isang Pari at ang tawag sa mga nag-aaral dito ay seminarista - at ako naman ay pinalad na makapasa sa pagsusulit. sa aming lalawigan sa Masbate, kapag ikaw ay nalaman na isang seminarista ay mataas ang pagtingin nila sa iyo dahil sa ikaw ay magiging isang alagad ng Diyos. Noong nag-aaral ako sa seminaryo sa loob ng apat na taon - bale ang katumbas lang nito ay High School - wala kaming ibang pinag-aaralan kundi ang mga paniniwala ng mga Kristiyano. at akin pang natatandaan na narinig ko lang binanggit ang salitang Muslim, Islam, Banal na Qur'an at Propeta Muhammad (ﷺ) sa aming klase sa History. sa loob ng apat na taon ay ginugol ko ang aking oras sa pagbabasa ng Bibliya at iba pang pang-relihiyong babasahin. sa katunayan nga kahit El Filibustirismo at Noli Me Tangere na isinulat ni Jose Rizal ay bawal ipabasa sa amin sa dahilang ang mga Paring tauhan sa librong ito noong panahon ng mga

Kastila ay masasama. Pagkatapos ko sa high school ay lumuwas ako ng Maynila at pinalad akong makapag-aral sa University of Sto. Thomas at doon ay naging aktibo na naman ako sa isang religious organization at sumali rin ako sa Bible quiz sa inter-collegiate division at pinalad na mapabilang sa top ten. Ang balak ko sana ay tapusin ang AB course at pagkatapos ay mag-specialize sa Oriental Religion dahil ang Oriental Religion ay tungkol sa iba't ibang relihiyon sa buong mundo, nguni't sa kasamaang-palad ay kinapos sa pera at hindi ko naipagpatuloy ang aking pag-aaral at sa gulang kong 17 anyos ay natuto akong magtrabaho at nag-asawa nang maaga at taong 1994 ay natapos ko ang kolehiyo sa kursong BSBA major in management sa tulong ng aking mga magulang. Taong 1998 sa buwan ng Enero ay pinalad akong maging company driver sa isang manpower agency sa Maynila at doon ko nakakasalamuha ang iba't ibang uri ng mga Muslim. Mayroong mabait, mayabang, maarte at tahimik. at ang mga Muslim na ito ay galing sa Saudi Arabia, Kuwait, Pakistan, British, Australia at Sudan. Buwan ng Hunyo at taong 1998 ay nagkakilala kami ng amo ko - employer ko ngayon - at siya ay mabait kaya hindi ako nagdalawang isip na tanggapin ang alok niyang trabaho at sa awa ng Allah ay pinayagan naman ako ng may-ari ng agency na makaalis na walang placement fee. Oktubre 15, 1998 nang dumating ako sa Saudi Arabia bandang 7:30p.m. at naiinis na ako sa pila namin sa immigration counter dahil walang nag-aasikaso sa amin, iyon pala ay oras ng Salah (pagdarasal) at siyempre bago pa ako ay hindi ko pa alam, at nang malaman ko pa na pag oras ng Salah ay sarado ang tindahan at lahat ng may negosyo at opisina ay nagsasara para lang magsagawa ng Salah. Kaya mula noon ay kinaiinisan kong marinig ang **"Adhan"** pati na rin ang programa sa telebisyon na tungkol sa Islam. Ang totoo nito ay galit ako sa mga Muslim sa Pilipinas dahil sila ay tuso at traydor, nguni't hindi ko naman nilalahat dahil ang mga magulang ko ay may mga kaibigan ding Muslim na mababait din naman. Unti-unting nabuksan ang aking isipan tungkol sa Islam nang minsan ay pumunta kami kasama ko ang bayaw ng amo ko sa Shoula Shopping center at may nakita akong bookstand na may mga libreng babasahin tungkol sa Islam at kumuha ako ng isa sa mga iyon na ang pamagat ay **"Ang talakayan sa pagitan ng Muslim at Kristiyano"**. Lumipas ang dalawang taon at noong Setyembre 2001 ay may isang Mutawa (relihiyosong Muslim) na nag-abot sa akin ng mga libro, pamphlet at cassette tapes. at ito ay aking binasa at pinakinggan. Minsan ay may nakausap akong Pilipinong Muslim at ang sabi niya kung gusto ko raw magka-pera ay magbalik-loob ako sa Islam at iyon ang nabuo kong plano dahil nang mga oras na iyon ay kapos ako sa pera, nguni't sadya yatang hindi ako pababayaan ng Allah na magkasala, may kinausap akong isa pang kaibigan at naitanong ko sa kanya ang balak ko at ang sabi niya ay huwag ko raw gawing paglalaro ang tungkol sa Diyos at baka ako ay mapasama. Siya ay isang kristiyano. Unang linggo ng Oktubre 2001 ay sinubukan ko kung gaano kahaba ang kabaitan ng mga amo ko at nagkataon naman na pinagsisigawan ko ang pangalawang anak niya dahil sa kakulitan at kasalbahian, dahil ang bilin niya sa akin ay isumbong ko raw sa kanya kung may nagawang kamalian ang mga anak niya, nguni't hindi na ako nakapagpigil at doon nga humantong sa sigawan at idinamay ko pa ang amo kong babae pero imbis na magalit ang amo kong lalaki ay kinausap niya lang ako nang mahinahon. at napagtanto ko na sapat na ang biyayang ipinagkaloob ng Allah sa akin na magkaroon ng mabait na amo. Kaya noong ikalawang linggo ng Oktubre 2001 ay yumakap ako sa Islam at gayon na rin ang pasasalamat ko sa Allah na ako ay nakapag-Hajj na minsan lamang mangyari sa buhay ng isang Muslim. Kaya ngayon ay lubos ang aking kaligayahan at pasasalamat sa Allah na Siya ay gumawa ng paraan para maliwanagan ang aking kaisipan sa pamamagitan ng mga anak ng amo na lagi akong isinasama sa tuwing sila ay magsasagawa ng Salah, at sa Mutawa na nagbigay sa akin ng mga babasahin at cassette tapes, at sa mga kapatid na Muslim na handang tumulong sa akin at bigyan ng kasagutan ang aking mga katanungan tungkol sa Islam, sa mga Muslim at sa mga gawain ng isang Muslim, at ang Adhan ay hindi ko na kinaiinisan, bagkus ay parang musika ito sa aking pandinig dahil sa mga oras na iyon ay muli ko namang makakasama ang Allah.

# Sinabi ng Aking Kaibigan na Nag-Abot sa Akin ng Isang Babasahin Tungkol sa Islam, Ang Nagbabasa Niyan ay Nagiging Muslim.. Ako'y Tumawa Lamang

**Abdul Rahman Engracio D. Unas**

Hindi sumagi man lang sa aking isipan na ako ay maging Muslim dahil ang layunin ko sa pagpunta sa Saudi Arabia ay magkaroon ng sapat na panustos sa aking naiwan na pamilya sa Pilipinas. Dumating ako dito sa Saudi Arabia, December 2, 1999. at ito ang kauna-unahang paglayo ko sa aking pamilya sa mahigit naming labinlimang taon na pagsasama. Ngayon ko lang naranasan ang lumayo at sadyang napakahirap sa isang katulad ko na sana'y umuwi sa piling ng aking pamilya pagkatapos ng trabaho. Noon pa man gaano man ang pagkalasing ko sa alak, walang makakapigil sa akin para makapiling ko ang aking asawa at mga anak. Kasabihan nga "Walang ilog akong hindi tatawirin o lalanguyin makarating lang ako sa aming tahanan". at ngayon naririto na ako sa Riyadh labis ang homesick na aking nararanasan, at sa panahong iyon kailangan ko nang mapapaglibangan kahit pagbasa man lang ng mga lumang diyaryo. Noon naman sa kabilang kuwarto na aming tinutuluyan ay may isang Muslim - Born Muslim siya, taga Mindanao. Nagtanong ako sa kanya kung may mababasa na kahit ano at ibinigay niya sa akin ay babasahin na tungkol sa Relihiyong Islam. Sinabi niya sa akin na sinuman ang magbabasa nito ay nagiging Muslim. Tinawanan ko lang ang sinabi niyang iyon, dahil wala nga sa isip ko ang maging Muslim. Natapos ko ang tatlong aklat na babasahin, nguni't hindi nangyari sa akin ang sabi niyang ako ay magiging Muslim, dahil noon pa man ay masigasig na akong magdasal at maging noong ako ay nasa Pilipinas pa, lalo na ngayon narito ako sa ibayong dagat kailangan ko ng kakampi at iyon ay alam kong sa Diyos ko lang matatagpuan. Nang kristiyano pa

ako, tunay na hindi ako sumasamba sa mga diyus-diyusan na gawa ng mga kamay ng tao lamang (mga rebulto o larawan) dahil alam kong ang mga ito ay hindi nakaririnig. Paano ko pagdadasalan ang isang kapirasong kahoy lamang? Pinadadaan ko ang aking mga dasal sa pamamagitan ni Hesus. Ang sabi ko pa Diyos ko, sa pangalan ng iyong anak na si Hesus, ako ay humihiling. Ganon na ganon ang aking mga dasal. Lumipas ang mga araw at buwan hanggang tuluyan nang mawala sa akin ang homesick. May isang Pakistani ang nagbigay naman sa akin ng babasahin uli, bigay daw iyon ng isang Pilipino. So sabi ko, hindi naman masama at walang mawawala sa akin kung magbasa ako noon, nguni't nagkaroon ng malaking pagbabago sa akin nang basahin ko na ang libro na pinamagatang **"Ang talakayan sa pagitan ng Muslim at Kristiyano"** mayroon pa nga na sa oras ng aking pagbabasa ay nagagalit ako sa tuwing si Hesus ay mababasa ko na isang Propeta lamang at hindi anak ng Diyos. Kaya kong minsan ay tumitigil ako ng pagbabasa. at dahil sa ang trabaho ay isang guwardiya may oras na wala akong ginagawa. Kinuha kong muli iyon at binasa ko. Hanggang sa hanap-hanapin ko na ang pagbabasa tungkol sa relihiyong Islam, sapagka't ito ay makatuwiran at nagbibigay aral tungkol sa tapat at tuwirang pagsamba sa Diyos na Tagapaglikha. at minsan pumunta naman ako sa Batha nakakita ako ng babasahin uli, dumampot ako. na ang nakalagay naman **"Ang aklat na ito ay para sa iyo"** na ginawa ni Omar Penalber. Tinalakay ng aklat ang mga Paniniwala ng Islam, Paniniwala at Pagsamba lamang sa Tanging Iisang Diyos, Paniniwala sa mga Anghel, sa mga Propeta, sa mga Aklat ng Diyos, sa Araw ng paghuhukom at ang paniniwala sa Tadhana. Dumaan ang araw at buwan, hanggang tanungin ko ang sarili ko, 'Ano nga kaya kung magbalik-loob ako sa Islam? Nagtalo na naman ang isip ko, paano naman kako ang asawa at mga anak ko, hanggang sa minsan pa hinamon ko pa ang Diyos, na ang sabi ko, ***"Sige papayag akong maging Muslim, nguni't may kondisyon, na kapag ako ay tumama sa lottery payag ang Allah na magbalik-loob ako sa Islam, hanggang sa marami na akong nauubos na pera, pero hindi pa rin ako tumama."*** Kaya ang sabi ko, ayaw ng Diyos na maging Muslim ako. Subali't natakot ako sa ginagawa ko, ang sabi ko, ***"Ano ang karapatan ko na hamunin ang Diyos na lumikha sa akin."*** Kaya humingi ako ng tawad sa Kanya. at nagpasama ako sa isang Pakistani na nagbigay sa akin ng babasahin. Ang sabi ko, ***"Ang gusto ko sa malapit lang, kung maari sa Sulay area na lang, dahil naririnig ko na may Islamic Center din doon."*** at iyon nga doon ako dinala sa Sulay, July 9, 2001 noon. Nagulat pa sila, sina Brother Abdul Khalik, ang sabi ko, ***"Gusto kong magbalik-loob sa Islam."*** Kaya isinama nila ako sa Masjid [o sa mosque], at nagsagawa kami ng Salah [o pagdarasal], at nang matapos ang Salah, ako ay sumaksi na: ***"Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang Sugo at Propeta".*** Niyakap ako ng maraming tao, at naantig ang puso ko, hindi ko napigilan ang lumuha, dahil hindi ko iyon nakita kahit minsan sa Kristiyano ang yakapin ako ng mga tao na hindi mo naman kakilala. July 9, 2001 nag-umpisa na ang ikot ng aking mundo sa relihiyong Islam, at doon ko nalaman sa aking pagdalo ng seminar sa Sulay Center na si Hesus pala ay hindi ko itinakwil, bagkus inilagay ko siya sa dapat niyang kalagyan, siya ay Propeta at Sugo ng Allah at lalo pa siyang napalapit sa akin, sapagka't ang mga aral at turo niya ay ginagawa ko katulad ng pagdarasal na ginagawa niya, ang pag-aayuno at ang tuwirang pagsamba sa Nag-iisang Diyos-ang Allah. na noon ang buong akala ko ang Allah ay Diyos lang ng mga Muslim, Siya rin pala yaong Diyos na lumikha sa lahat ng bagay at Siya ang aking tinatawagan at hinihingan ng tulong, mali lamang ako ng pagtawag. "Alhamdulillah", ako ngayon ay isa ng Muslim o balik Islam at ang Islam ay dadalhin ko hanggang sa huling hantungan. at iyon naman ang dapat, at sa paghahanap ko pa ng kaalaman sa Islam, ako ngayon ay dumadalo sa Islamic Center sa Rabwah upang sa ganon ay marami pa akong malaman, nang sa gayon sa aking pag-uwi o pagbakasyon sa Pilipinas at ako ay tatanungin nila, kung bakit ako nagbalik-loob sa Islam. Alam ko na ang aking isasagot sa kanila. at "Insha Allah", sana ay lalo pang buksan ang aking isipan sa kaalamang Islam upang ang aking asawa at mga anak o pamilya ay madali kong mapabalik-loob sa relihiyong ibinigay ng Allah sa santinakpan-ang Islam. "Alhamdulillah", ako ay labis na nagpapasalamat dahil ako ay namulat at nagising sa katotohanan na ***"Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang Sugo."***

# Ang Pasasalamat

Ako ay lubos na nagpapasalamat, una - sa Allah na Siyang nagbigay sa akin ng pagkakataon upang maihanda ang munting babasahin na ito, pangalawa - sa ating mga mahal na kapatid na nagbigay ng kanilang maikling salaysay tungkol sa kanilang buhay at pagbalik-loob sa Islam. Nawa'y itampok sila ng Allah sa matataas na antas dito sa mundong ibabaw at sa kabilang buhay. Ameen.

IslamHouse.com

IslamHouseTl | Tagalog.IslamHouse | islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

GuidetoIslam.org | Guidetoislam1 | Guidetoislam | www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126